# *KUNG BAKIT KINAKAILANGAN NA PASTOL*

. . . sa palagay ko, na parang mangangaral na mahabang mangaral. At walang edukasyon, sa palagay ko—sa palagay ko parang di mangangaral ang dating ko sa ibang tao. At hindi ko—hindi ko inaangkin ang sarili ko na isang mangangaral, para lang akong reserbang gulong. Pero dama ko na may kamit akong isang Mensahe mula sa Diyos, na sa paraan ko (na tanging paraan ko para maipresenta Ito), haya't pinagsusumikapan kong ilahad Ito sa mundo. At kung di ako mananatili sa Mensahe na 'yan, ako'y magiging taksil sa Diyos at isang ipokrito sa inyo. Ang isang tao na magsasabi ng isang bagay at iba naman ang pinaniniwalaan, ay pagiging ipokrito. Kinakailangan nating ipangusap ang katotohanan sa tuwina mula sa ating puso. Na kapag titingnan tayo ng mga tao, kahit na di sila sumasang-ayon sa atin, ay nais nating maging mararangal na lalaki't babae: na nakakapangusap tayo galing sa ating puso, ng bagay na totoo sa kaibuturan ng ating mga puso.

2 Noong nakaraang taon, o 'yung taon bago itong nakaraan, ako'y nagkaroon ng pribilehiyo na ipangusap ang isang—isang Cristiano. . . o pasensya na po, isang Pamaskong mensahe, dito sa Ramada. At sa palagay ko nakapangusap ako tungkol sa paksa, dito yata 'yun o sa Phoenix, tungkol sa: *Bakit Munting Betlehem*? At naniniwala naman ako na dito 'yun, noong nakaraang taon, ako'y nangusap tungkol sa: *Aming Nakita Ang Kanyang Bituwin Sa Silangan At Naparito Kami Upang Siya'y Sambahin.*

3 At, alam n'yo, binabasa natin ang Biblia, at napapaisip tayo, sa mga "*Bakit*?" At ngayong gabi naisip ko, kung makakapanatili po kayo sa akin pansumandali, at mananalangin kasama ko, sisikapin ko na ibigay sa inyo ang Pamaskong mensahe ko. Diyos lang ang nakakaalam kung nasaan kaya tayo sa susunod na Pasko, kung may kasunod pang Pasko pagkatapos nito. Kaya mangyaring ito na marahil ang magiging huling Pasko na uupo tayo na magkakasama, hanggang sa umupo tayo sa panibagong hapag. At hindi Yun magiging ganitong uri, bagkus 'yun ay sa panahon na tayo'y kakain at iinom ng komunyon na panibago kasama Siya, sa Kaharian ng Ama sa dulo ng daan. At kaya naman, dumulog tayo rito ngayong gabi na para bang ito na ang huling Pamaskong mensahe na tayo'y makakaupo na sama-sama, nang may malalim na sinseridad.

4 Nais kong mangusap ngayong gabi tungkol sa isang di-pangkaraniwang paksa, pero kung minsan nga'y masusumpungan n'yo ang Diyos sa di-pangkaraniwang bagay. Siya'y gumagawa sa isang di-pangkaraniwang paraan. Hindi sa pangkaraniwang paraan, kundi sa di-pangkaraniwang paraan, sa di-pangkaraniwang mga pagkakataon, di-pangkaraniwang mga eksena, Siya'y di-pangkaraniwan. At nais ko itong... Loobin ng Panginoon, nais kong mangusap tungkol sa paksa na: *Kung Bakit Kinakailangan Na Pastol.*

5 At ngayon bago lamang tayo dumulog sa Salita, na naniniwala ako na 'yun ay Diyos, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin."

6 Gaya ng sinabi ko, noong nakaraang linggo, o noong linggo bago itong nakaraan sa Phoenix, "Napatunayan na may mga sakop sa mundong ito, mga tao, na tumatagos-tagos sa gusaling ito ngayon." Pinatutunayan 'yan ng telebisyon. Yun nga'y nasa ibang dimensyon, hindi 'yun masagap ng natural nating mga mata at ng limang pandama natin. Mangyari nga na ang telebisyon ay di gumagawa-gawa ng kung anong bagay, ito lamang ay nagsisilbing lagusan. Hindi ka makagagalaw ng iyong daliri, hindi ka makakakisap ng mata, na anupa't 'yun ay nakarekord na magpakailanman. Marahil ako'y nakatayo... O may isang lalaki sa Australia, na may—may telebisyon dito, siyanga't hindi lang 'yan bagkus magsasalita 'yung—'yung lalaki, igagalaw ang kanyang daliri, ikikisap ang mata, o maging 'yung kulay ng damit na kanyang suot-suot, ay maipapakita rito sa may pader; at siya'y nasa Aprika, Australia, sa buong mundo. Kita n'yo, may siklo ng mga ether wave. Hindi ko ito maipaliwanag, pero alam kong naroon 'yun. Sa palagay ko walang makakapaliwanag nito. Haya't, masasagap 'yun ng telebisyon at ipagiging realidad sa pamamagitan ng kung anong instrumento, kaya kanila itong maipapakita sa pader.

7 Ngayon, nandito rin ang siya ring bagay na 'yun noong nandito pa si Adan. Nandito na ang telebisyon noong—noong umapak si Elias sa Bundok ng Carmel. Nandito na 'yun noong si Martin Luther, ang kabataang pari na 'yun, noong kanyang itapon ang komunyon sa sahig at nagsabi, "Kosher lang ito! At ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." Nandito na 'yun noon pa, pero ngayon lamang natin ito natutuklasan. At ganoon din ito, na sa presensya natin ngayong gabi ay narito ang Diyos, ang mga Anghel, mga sobrenatural na nilalang na di-nakikita ng ating natural na pandamang paningin. Pero balang araw ito'y magiging realidad gaya ng telebisyon ngayon, at magiging pangkaraniwan na. Ngayon, 'yan ang dahilan kung bakit naniniwala ako sa Salita.

8 Ang sabi ni Jesus, "Sinuman ang magdagdag ng isang salita sa Bibliang ito, o mag-alis ng isang Salita mula Rito, ang kanyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay."

9 Kaya, atin nang iyuko ang ating mga ulo, bago natin Ito basahin. Grabeng kataimtim! Sinumang tao na may pisikal na kakayahan ay mabuklat ang pahina, pero tanging ang Diyos lamang ang makakapaghayag Nito.

10 At habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon sa alabok kung saan tayo kinuha, at balang araw ay babalikan, iniisip ko . . . At sa taimtim na sandaling ito, habang papalapit na tayo sa Pasko, kung mayroon dito na sadyang ang pakiramdam nila'y di sila karapat-dapat at nagnanais na maalaala sa panalangin na ito, maaari n'yo ba (nang di inaangat ang inyong ulo) na itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Diyos at magsabi, "Iyo pong alalahanin ako, Panginoon, sa Paskong ito"? Pagpalain kayo ng Diyos.

11 Pinaka Banal at Mabiyayang Makalangit na Ama, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Siya na naroon na sa pasimula, bago pa magkaroon ng isang bituwin, o isang atom, o isang molekyula. Nilikha Mo ang lahat na mga bagay sa pamamagitan ni Jesus Cristo na Iyong Anak, at ibinigay sa amin ang lahat na mga bagay na walang bayad sa Kanya. Kami'y nagpapasalamat sa Iyo, sa gabing ito, Panginoon, para sa oportunidad na Iyong ibinigay sa amin na mapagtipon-tipon ang aming mga sarili na magsama-sama, para mabalaan at maturuan ng Espiritu Santo. At kinukuha ng Espiritu Santo ang Iyong mga Salita at inihahayag ang mga Ito sa amin, dahil sinabi ni Jesus, "Kapag Siya na Espiritu ng Katotohanan ay dumating, Kanyang ipaaalala sa inyo ang mga bagay na Aking sinalita at ipakikita rin sa inyo ang mga bagay na parating."

12 Diyos, wala ni isa sa aming kalagitnaan, wala ni isa sa ibabaw ng lupa, na karapat-dapat para ipaliwanag ang Iyong Salita, dahil nasusulat na, "Ang Salita ng Diyos ay di sa sariling pagpapaliwanag." Kaya naman, Panginoon, dalangin namin na ipagkaloob ng Espiritu Santo sa amin ngayong gabi, sa bawat isa sa amin, ang bahagi na kailangan namin para punan ang gutom na nasa puso namin para sa isang mas malapit na paglakad kasama Ka. Kami'y walang kakayahan, hindi malinis, di karapat-dapat. Iyong ibunsod ang Bata na isinilang sa Betlehem, na namuhay ng pinaka sakdal na buhay, at ang tanging sakdal na tao sa ibabaw ng lupa, at ibinigay ang Kanyang Sarili bilang pantubos nang sa gayon Kanyang malinis kami na maruruming makasalanan at dalhin kami tungo sa pakikiugnay sa Ama, haya't Iyong ipagkaloob na ang Kanyang Espiritu Santo (sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita) ay gawin 'yan para sa amin.

13 Panginoong Diyos, marami ang may sakit sa bansa sa araw na ito, sa kabila ng pinaka maiinam na medisina na gamit ng doktor, haya't pinaka maiinam na medisina't pinaka maiinam na ospital. At sa kabila ng lahat na mahuhusay na siyentipikong pagtutuklas, mangyari nga mas dumami pa ang sakit na nalalaman ng mundo, dahil dumami ang kasalanan at ang di-pananampalataya na nalalaman ng mundo. Iyo pong tulungan kami, Dakilang Manggagamot, at pagalingin Mo ang mga maysakit na nasa kalagitnaan namin.

14 At ipagkaloob sa amin ang Espiritu, ang tunay na Espiritu ng Pasko. Na haya't sa araw na ito . . . ay panahon ng paganong mga seremonya, pananamba ng Krismas tri, mga kathang-kuwento tungkol sa isang—isang lalaki na nagngangalang Santa Claus, at mga kuneho ng Kuwaresma, at ang iba't ibang pauso na sinasamantala ng daigdig ng komersyo, nawa ito'y maisantabi, Diyos. Kami nawa ay maibunsod na pumasok kay Cristo ang Salita, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan at para sa Kanyang kaluwalhatian. Amen.

15 Kung makabubuklat kayo kasama ko para sa pagbabasa ng Banal na Sulat, sa San Lucas, sa ika-2 kabanata. Naririnig n'yo ba akong maigi?

May pagsasaniban ba ng mga mikropono? Naririnig n'yo ba akong maigi diyan sa likod? Kung naririnig n'yo, pakitaas po ng inyong kamay. Salamat. Ika-2 kabanata ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

> *Nangyari nga nang mga araw na yaon, na lumabas ang isang utos mula kay Augusto Cesar, na magpatala ang buong sanglibutan.*
>
> *(Ito ang* talaan *na unang ginawa* nang . . . *gobernador sa Siria.)*
>
> *At nagsisiparoon ang lahat upang sila'y mangatala, bawa't isa* sa *kaniyang sariling* bansa.
>
> *At si Jose naman ay umahon mula sa Galilea,* sa *bayan ng Nazaret, hanggang sa Judea, . . . bayan ni David, na kung tawagi'y Bet-lehem; (sapagka't siya'y sa angkan at sa lahi ni David:)*
>
> *Upang patala siya pati ni Maria na magaasawa sa kaniya, na kasalukuyang kagampan.*
>
> *At nangyari, na, samantalang* siya'y *nangaroroon, at naganap* ang mga kaarawang *dapat siyang manganak.*
>
> *At kaniyang ipinanganak ang panganay niyang anak na lalake, at ito'y binalot niya ng mga lampin, at inihiga* sa *pasabsaban; sapagka't wala nang lugar para sa kanila sa tuluyan.*

*At may mga pastor ng tupa* sa *lupain ding yaon na nangasa* parang, *na pinagpupuyatan ang kanilang* mga kawan *sa gabi.*

*At, narito, tumayo sa tabi nila ang isang anghel ng Panginoon, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nagliwanag sa* palibot *nila: at sila'y totoong nangatakot.*

*At sinabi sa kanila ng anghel, Huwag kayong mangatakot: sapagka't, narito, dinadalhan ko. . .ng mabubuting balita ng malaking kagalakan, na siyang sasa buong bayan.*

*Sapagka't ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang Panginoon.*

*At ito ang sa inyo'y magiging pinakatanda; Masusumpungan* ninyo *ang isang sanggol na nababalot ng lampin, at* nakahiga *sa isang pasabsaban.*

*At biglang* may. . .*At biglang. . .nakisama sa anghel ang isang karamihang. . .hukbo ng langit na nangagpupuri sa Dios, at nangagsasabi,*

*Luwalhati sa Dios sa kataastaasan, at sa lupa'y kapayapaan, sa mga taong kinalulugdan niya.*

*At nangyari, nang lisanin sila ng mga anghel at nangapasa langit, ang mga pastor ay nangagsangusapan, Magsiparoon nga tayo ngayon hanggang sa Bet-lehem, at tingnan natin itong nangyari,* na *ipinagbigay alam sa atin ng Panginoon.*

*At sila* ay *dalidaling nagsiparoon, at nasumpungan kapuwa si Maria, at si Jose, at ang sanggol na nakahiga* sa *pasabsaban.*

*At nang makita nila yaon, ay inihayag nila ang mga sinabi sa kanila tungkol* sa *sanggol na ito.*

*At lahat ng nangakarinig nito ay nangagtaka sa mga bagay na sinabi sa kanila ng mga pastor.*

*Datapuwa't iningatan ni Maria ang lahat ng mga pananalitang ito, na pinagbulaybulay sa kaniyang puso.*

*At nangagbalik ang mga pastor, na niluluwalhati at pinupuri ang Dios dahil sa lahat ng mga bagay* na *kanilang nangarinig at nangakita, ayon sa sinabi sa kanila.*

Nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbabasa ng Kanyang Salita.

16 Ngayon, ito'y isang. . .Bakit nga kaya inihayag ang dakilang kaganapan na ito sa mga pastol? Yun nga'y parang isang lubhang kataka-takang bagay para sa atin. May ilang mga Kasulatan ako na nailista rito, at ilang tala na sisikapin kong matugaygay,

para maipaliwanag sa inyo *kung bakit* sa pinakamainam na abot ng aking kaalaman. At marahil pagkatapos nito, ang Panginoon sa Kanyang biyaya, ngayong gabi, ay tugunin na ang mga *bakit* na ito sa atin. Pero diba. . .Karamiha't lahat tayo, sa palagay ko, sa isang pagkakataon o ganoon, ay napaisip kung bakit itong pinakadakilang kaganapan sa lahat ng panahon ay inihayag sa mga pastol. Bakit Ito inihayag sa mga pastol at hindi sa mga teologo ng panahon na 'yun? Sila 'yung sinanay para pakinggan Ito. At bakit Ito dumating at nilampasan ang mayayaman, at dumating sa mahihirap? Tapos, bakit Nito nilampasan ang mga nakapag-aral at matatalino, at dumating sa mga mapagpakumbaba't walang pinag-aralan? May ilang tanong tungkol sa *kung bakit* ganito.

17 At isa pang dahilan na sasabihin ko, pansinin n'yo, ang sanggol ay ipinanganak sa Betlehem. Mangyaring ang Betlehem sa interpretasyong Hebreo, gaya ng natalakay na natin mga dalawang taon na ang nakararaan dito, ang ibig sabihin ng *Betlehem* ay "bahay ng tinapay ng Diyos." At napatunayan natin sa Mga Kasulatan, na hindi Siya maaaring dumako sa ibang lugar. Ang Betlehem ay itinatag ni Rahab at ng kanyang—kanyang asawa. Si Rahab ay isang patotot na niligawan ng isang heneral, mula sa—sa hukbo ng Israel, matapos na sakupin nila ang Jerico. At sa pamamagitan ng pananampalataya ay nanampalataya siya sa Mensahe ng Diyos, gayong ganoon ang kalagayan niya, at siya'y naligtas. At mula roon, noong pagbahagi-bahagiin ni Josue ang mga lupain kung saang dako mapupunta ang bawat isa, . . .

18 At may dakilang aral na balang araw ay nais kong madala sa Tucson, tungkol sa mga Hebreong nanay na ipinapanganak ang mga sanggol na 'yun. Noong sandali na siya'y umire sa hirap ng panganganak sa sanggol, kanyang tinawag ang pangalan ng sanggol at 'yun ang naglagay sa pagkakaposisyon nito sa lupang pangako, sa lipi nito. Ang dakilang bagay nga, ang buong Salita ng Diyos ay naglalakip-lakip sa isa't isa. Kung hindi ito lumalakip, hindi Salita ng Diyos ang di lumakip na 'yun, ang kaisipan n'yo 'yun na di lumalakip sa Salita. Ito nga'y buong lumalakip na sama-sama.

19 Kaya, mangyari, Siya ang Tinapay ng Buhay, gaya ng itinuro natin noong nakaraang linggo sa Phoenix, o noong isang linggo bago itong huli. At sa pagiging Tinapay ng Buhay, hindi Siya dadako sa ibang lugar maliban sa "*bahay ng tinapay ng Diyos*." At 'yun ang *bakit*. Ngayon, dito, si Jesus ay isinilang sa Betlehem, at sa Betlehem ay may sinagoga, nakatira ang dakilang mga tagapanguna ng relihiyon sa Betlehem. Si David na dakilang pastol-na-hari ay ipinanganak sa Betlehem, ang kanyang tatay na si Isai ay ipinanganak sa Betlehem, ang kanyang lolo na si Obed ay ipinanganak sa Betlehem. Tapos, lahat ng mga nauna pa, siya'y mula sa Betlehem.

20 At heto, si Jesus na Anak ni David ay ipinanganak sa Betlehem, sa ilalim mismo ng anino ng naglalakihang mga katedral. Mangyari na kung ang mga taong 'yun ay pinagsanay, at naghihintay sa Mesiyas sa lahat na mga taon na 'yun; apat na libong taon, na iprinopesiya ang Mesiyas na darating. At mangyari nga na kung ang Mesiyas ay isinilang sa anino ng katedral, bakit nila kinailangan bumalik sa kabundukan sa isang grupo ng mga di nakapag-aral, na mga di pinagsanay na mga pastol para ihatid ang dakilang Mensahe, ang unang Mensahe? At mga pastol nga ang inatasan! Hindi mga pantas at pinagsanay, kundi mga pastol. Kakatwa nga, di po ba? Pero siguradong mayroon talagang *bakit* sa kung saan . . . May *bakit*, ngayon siguradong mayroon ding sagot kung bakit! At walang nakakaalam ng sagot maliban sa Diyos. Siya ang Isa na nakakaalam ng sagot.

21 Ngayon, alalahanin n'yo, ang Mesiyas ay naroon na mismo sa bayan, ipinanganak sa bayan na 'yun, sa isang sabsaban; doon mismo sa naglalakihang mga katedral kung saan naroon ang punong saserdote . . . at bantog na mga saserdote, at mga teologo, at mga pantas, at mga pinagsanay, ang lahat ay naroon na naghihintay sa Mesiyas. At naroon Siya, sa kalagitnaan nila mismo! Pero bakit nga nila kinailangang magpunta sa . . . doon sa mga burol ng Judea sa mga di nakapag-aral, sa mga di pinagsanay, walang kabihasnan, na mga pinaka maralita sa lahat? Mukha ngang pinaka di karapat-dapat para sa ganoong gawain, na pinaghayagan ng Mensahe't isinugo para dalhin ang Mensahe.

22 Alam n'yo ba ang opinyon ko? Marahil hindi ito ganoong matumbas, pero nais kong sabihin ang opinyon ko: naniniwala ako na ito'y dahil sa karunungan ng Diyos, na alam Niyang di nila tatanggapin ang ganoong klaseng Mensahe sa paraan ng pagdating Nito. Wala 'yun sa panlasa ng kanilang pag-aaral. Iba 'yun. Hindi 'yun gaya ng pinagsanay sa kanila na maniwalang ganoon ang magiging dating Niya. Taliwas 'yun sa kanilang pang-teolohiyang pagkaunawa. Lahat ng kanilang pagsasanay, lahat ng kanilang pinag-aralan ay nilampasan, nauwi sa wala. Naniniwala akong ang karunungan ito ng Diyos na nalalaman na di nila tatanggapin ang ganoong Mensahe.

23 Mangyari nga na naparito ang Mesiyas, at kailangan may makakakilala Nito. At kilala sila ng Diyos na mga di pa nahahaluan ng ganoong klase na mga bagay. Mas magagawa Niyang ihatid ang Kanyang mensahe sa isang di nakapag-aral na grupo, kaysa ihatid Niya Ito sa isang nahalubilong grupo na masyadong nananangan sa sarili nilang pamamaraan na walang makababaling sa kanila, maski Salita ng Diyos.

24 At ngayon, kaibigang Cristiano, hayaan n'yong tanungin ko kayo ng tanong na ito, nang may buong sinseridad at pag-ibig. Iniisip ko mismo kung gagawin Niya ang siya ring gawa ngayong

gabi, at ipapadala sa atin sa henerasyon na ito ang ipinangakong Salita na ipinangako para sa henerasyon na ito, iniisip ko kung ang ating mga teologo, at mga tagapagturo, at matatalino, ay di kaya tatanggihan din ang Mensahe gaya ng ginawa nila noon? Hindi nagbabago ang tao, gayon din ang Salita ng Diyos na di nagbabago. Siya ang Diyos na di nagbabago, hindi Siya nagbabago!

25 Pansinin n'yo, dumating ang mga Anghel at . . . Dumating ang mga Anghel at ibinigay ang kanilang Mensahe sa tao na mababa ang estado sa buhay, samantalang may tao na higit pa (sa kaisipang makalupa) ang kuwalipikasyon kaysa sa mga mahihirap na 'yun, na mga di nakapag-aral na mga pastol. Ang pastol ang pinaka di nakapag-aral sa kaninuman, hindi niya kasi kailangang magkaroon ng kaalaman sa kung ano man maliban sa kanyang mga tupa. Hindi niya kailangang maging maalam sa matematika. Hindi niya kailangang malaman kung paano—paano bumiyak ng atom. Hindi niya kailangang maging iskolar. Kinakailangan niya lang magkaroon ng kaalaman sa kanyang mga tupa, 'yun lang ang lahat na kailangan niyang malaman. At ang Diyos, ang dakilang Karunungan, at ang Bukal at pinagmulan ng lahat ng karunungan, ay ano't pipili ng ganoong tao na tulad nun (o mga tao, ang ibig kong sabihin, na tulad nun), at lalampasan ang lahat ng pinagsanay nang husto na mga iskolar na pinagsanay na malaman Yun. Isa lang ang ipinapahiwatig nun, na sila'y pinagsanay sa maling bagay. Nilampasan ang lahat ng mahahalaga sa lupain; may mahahalagang tao, mahuhusay na guro, si Caifas na punong saserdote, maraming iba pang dakilang personalidad, lahat ng magagaling na nakapag-aral ng Israel, lahat ng mga denominasyon, at lahat ng mga nagmamalaking teologo, nilampasan ng Diyos ang bawat isa sa kanila! Ngayon, 'yan ang karunungan ng Diyos.

26 Pansinin, ang Pinakamataas na Kalangitan ay nagmamadali na parangalan ang mga pinakamababa't di-aral ng lupa. Bumaba ang Pinakamataas ng Kalangitan para ipakilala ang Kanyang Sarili sa mga pinakamababa ng lupa, na nilampasan ang lahat ng nasa gitna para ipakilala ang Kanyang Sarili sa ordinaryong mga pastol; dumating para ibigay sa ordinaryong mga pastol na ito ang pinaka dakilang Mensahe ng lahat na panahon. Napakarami nang dakilang mga mensahero. Maiisip natin ang panahon ni Noe, at ng mga propeta, at—at ng dakilang mga saserdote, at iba pa, sa mga panahon na nagdaan. Dakilang mga nakapag-aral na lalaki, mga hari, mga makapangyarihan, mga monarko, pero heto Siya na dala ang pinaka dakila sa lahat na Mga Mensahe. Ano ang Mensahe? "Narito na ngayon ang Mesiyas!" Kita n'yo? At para maipaalam 'yun, Kanyang nilampasan ang lahat na mga pinagsanay, para ipaalam ito sa mapagpakumbabang mga pastol.

27 Isipin n'yo 'yun: lahat ng mga ministro, lahat ng mga lingkod sa simbahan, lahat ng mga guro, lahat ng—ng pang-teolohiyang pagsasanay, lahat ng pera na ginugol, lahat ng mga kaiglesyahan, at mga doktrina, at mga denominasyon, ang lahat ay nilampasan! Lahat ng pag-aaral na kanilang ginugol para sa lahat na—lahat na mga misyunero, at lahat ng pag-aakay, lahat ng pagmimiyembro, at lahat ng sa isip nila ay ginawa nila para parangalan ang Diyos, pero ang pinakasusing Mensahe sa lahat ng ito'y lumampas sa kanila. Kakatwa nga! Bakit? Kita n'yo?

28 At pansinin, hindi lang 'yun, pero hayan ang pinaka di-aakalaing lugar para sa ganoong kaganapan. Ang mga pastol, hayan nga, ang tumanggap ng Mensahe. At pansinin n'yo kung saan naroon ang Mensahe: naroon sa dako na pinaka di-aakalain ninuman na dadakuan Nito. At iniisip ko nga, ngayong gabi, kung naghihintay ba tayo na masumpungan ang tunay na Mensahe ng Panginoong Jesus, iniisip ko nga kung Ito'y sa isang di-inaasahang grupo, isang dako na . . . na ang dakila't, mataas ang kabihasnan na daigdig at iglesya sa panahon ngayon ay iisipin na isang bunton 'yun ng—ng, oh, mga heretiko? Iniisip ko kung hindi kaya doon natin Siya masusumpungan? Ang pinaka di-inaakalang dako, at ang pinaka di-kuwalipikadong mga tagapagsalita. Walang kaalam-alam ang mga pastol sa pagsasalita, pagtawag lang sa mga tupa; buweno, marahil 'yun ang dahilan at doon Ito dumating.

29 Anupa't may ipinangakong Salita. Pansinin, maaari 'yung maibunsod muli.

30 Nilampasan Nito ang lahat ng mga maharlika sa lupa. Nilampasan Nito ang lahat na mga maharlika, at inihayag sa mga hindi kilala. Lahat ng mga maharlika na nagagayakan ng—ng bantog na titulo ng pagiging doktor sa dibinidad at—at sikolohiya, at—at matataas na edukasyon, at naglalakihang mga katedral at mga bagay-bagay, ang lahat ng 'yun ay nilampasan at sa mga di-kilala Ito'y nahayag. Ang karunungan, ang walang katapusang karunungan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang nagbunsod nito, para ipaalam sa kanila ang pinaka dakilang Mensahe sa lahat, "Narito na sa lupa ang Mesiyas." Grabeng karunungan! Maaari lamang dumating mula sa Diyos na nakakaalam ng karunungan! Lahat ng katalinuhan at lahat ng pagi-eskuwela, at lahat, ay pinaging walang kabuluhan at nilampasan ng dakilang karunungan ng Diyos. Paulit-ulit ko po 'yang sinasabi dahil nais kong tumimo 'yan nang malalim. Ang lahat ay nauwi sa walang kabuluhan, nawalan ng saysay. Nilampasan ang lahat ng 'yun para ang karunungan ng Diyos ang mabigyan ng daan, na kinukuha ng Diyos ang mga di-tinangi para gawing katangi-tangi.

31 Marahil huminto tayo rito at pag-usapan si Juan. Maaari tayong huminto rito at pag-usapan si Elias. Walang nakakaalam kung saan nanggaling si Elias. Ang alam lang nila, bigla na

lang siyang lumitaw sa eksena. Ang mga propeta ng nakaraang mga kapanahunan, sila'y mga di-kilala. Pero kinuha 'yun ng Diyos para. . . at nilampasan ang—ang mga etika ng iglesya, at mga turo, para magbunsod. . . maipakita na Siya ay Diyos. Kumukuha Siya ng isang bagay na di katangi-tangi, para gumawa ng isang katangi-tanging bagay rito. Ipinapakita Niya ang Kanyang karunungan at Kanyang pagka-Diyos sa pamamagitan nito, na Kanyang ginagamit ang mga di tinatangi. Noong una na gumawa Siya ng tao, kumuha lang Siya ng isang kimpal ng putik at gumawa ng tao mula roon. Kung saan wala ngang anuman dun kundi putik, pero lumikha Siya ng tao. At kinukuha ng Diyos mismo ang mga di tinatangi, para gumawa ng katangi-tangi mula roon. At kung magpapatuloy tayo na iniisip ang ating sarili na mga katangi-tangi, kung ganoon ay di tayo magagamit sa kamay ng Diyos. Kinakailangan nating iwaksi ang lahat ng nalalaman natin o natutunan. [Umubo si Kapatid na Branham—Pat.] (Paumanhin po.) Gaya ng dakilang San Pablo, na sinabi niya na kainailangan niyang kalimutan ang lahat ng natutunan niya, nang sa gayon ay makilala niya si Cristo.

32 Ang lahat ng pagi-eskuwela nila, lahat ng katuruan nila't kung anu-ano pa, ay nagbubunsod lamang ng di kaaya-aya para sa kanila. Hanggang sa tinatanggi na Siya nito! Ang mismong pagi-eskuwela na dapat sana'y *alang-alang* sa Kanya, para sampalatayanan Siya, ay bumaligtad at naging Kanyang pinaka matinding kaaway, at ipinako Siya sa krus!

33 Alam n'yo ba na inuulit ng kasaysayan ang sarili nito nang madalas? Laganap na katotohanan 'yan. Maaari itong mangyari uli sa tabi-tabi lang natin. "Oh," sasabihin n'yo, "Kung nabuhay sana ako noong panahon na 'yun noon, . . ." Buweno, ngayon, kung gusto n'yong malaman kung ano ang gagawin n'yo noon, tingnan n'yo ang kasalukuyang katayuan n'yo ngayon; at makikita n'yo kung ano ang maaaring ginawa n'yo noon, dahil ito'y tunay na nahahayag.

34 Pinagsanay para paniwalaan ang Kanyang Salita, at pagkatapos noong ang Kanyang Salita ay pinatotohanan sa harap ng mga mata nila mismo, kanilang tinanggihan ang Salita na pinatotohanan. Gayong pinatunayan ng Diyos ang bagay na gagawin Niya, at sinabi na gagawin Niya, at pinatunayan nga ang bagay na gagawin Niya, tapos bumaligtad sila't tinawag ang lalaking ito na isang "masamang espiritu" (na sumumpa sa kanilang lahat). Isipin n'yo ang bagay na nangyari! Isipin n'yo kung ano ang nagbunsod sa kanila; ang pagsasanay nila ang siyang nagbunsod sa kanila na hindi mapagkilala ang mismong Salita na nahayag sa laman para sa kanilang panahon; ang mismong pagsasanay na nakamit nila sa kanilang mga eskuwelahan, sa pinaka mahuhusay na mga guro.

35 At sasabihin n'yo, "Buweno, hindi namin gagawin ang ganyan sa panahon ngayon." Ang mga guro nila ay di hamak na

mas magaling kaysa sa mayroon tayo ngayon (o superyor, ang ibig kong sabihin, kaysa sa mga guro natin), at sila'y nabigo pa rin. Wala sila nitong siyamnaraan at siyamnapu't anim na iba't ibang denominasyon gaya ng mayroon tayo ngayon. May tatlo lang sila noon. At doon sa tatlo na 'yun, sa pagtugaygay sa tatlo, haya't wala ni isa sa tatlo ang nakakilala Rito! Ipinapakita lang n'yan na ang ginagawa ng tao ay isang kamangmangan sa Diyos. Kita n'yo?

36 Ngayon, bigo silang mapagkilala Ito. Ngayon. . . At gagawin nila ang siya ring bagay na 'yun uli.

37 Ang tao. . . Mabuti ang intensyon, lagi itong mabuti. At di binabago ng tao ang kanyang postura, hindi siya kailanman nagbabago ng kanyang mga gawi; ang tinutukoy ko rito'y ang tao ng sanlibutan. Nagpupuri sa tuwina ang tao sa Diyos, ang relihiyosong tao, sa kung ano ang mga ginawa na ng Diyos, at laging itinuturo sa mga tao ang bagay na Kanyang gagawin, at pagkatapos ay winawalang-bahala ang bagay na Kanyang ginagawa sa ngayon! Kita n'yo? Ganoon nga ang tao, ganoon ang pagkakagawa sa kanya, ganoon siya sa tuwina. At kayo na mga nagbabasa ng Biblia sa gabing ito'y nalalaman na 'yan ay batay sa Salita't, "tama." Nagpupuri sila sa Diyos sa tuwina dahil sa mga bagay na Kanyang ginawa, na sinasabi ang bagay na Kanyang gagawin pa lang, at winawalang-bahala naman ang bagay na Kanyang ginagawa na ngayon. Yun nga'y kaugalian na ng tao.

38 Ang dahilan kung bakit nila ginawa ito, ang mga guro, sa opinyon ko ngayon: kanilang binigyang-interpretasyon ang Salita, dahil lahat sila nga'y naniwala sa isang parating na Mesiyas. Ang buong Israel ay naniwala rito, maging ngayon ay naniniwala pa rin sila. Pero ang dahilan kung bakit di nila *Siya* napagkilala, ang Kanyang Mensahe ay hindi umayon sa kanilang eklesiyastikal na paniniwala. Sila. . . sa interpretasyon na mayroon sila ukol sa Salita, ang Mesiyas kasi'y di kailanman inihayag ang Sarili Niya sa paraan ng kanilang interpretasyon ukol sa pagganap Niya rito. Kaya, at kaya naman, hindi nila Siya napagkilala dahil hindi Ito umangkop sa kanilang interpretasyon. Gaya ng sinabi ko noon, at sinasabi muli, "Ang Diyos ay di nangangailangan ng sinuman para bigyang-interpretasyon ang Kanyang Salita. Siya ang Kanyang Sariling tagapagpaliwanag."

39 Ngayon, sinasabi ng Biblia. . . Hayaan n'yong patunayan ko sa inyo ngayon na 'yan ang Katotohanan. Si Isaias na propeta, pitongdaan at labinglimang taon bago pa ito nangyari, si Isaias na propeta'y nagsabi, "Isang birhen ang magdadalan-tao, at manganganak ng isang sanggol." Walang duda na bawat isa sa kapanahunan na 'yun ay iniisip na ang kanilang anak na babae'y magiging ang babae na 'yun, dahil sinabi Ito ni Isaias. Pero, kita n'yo, sa pitongdaang taon pa pala ang dapat lumipas. Pero

noong. . .Di kinailangan ng Diyos ng sinuman para bigyang-interpretasyon ang Kanyang Salita, ukol sa kung kailan Niya ito gagawin, o kung paano Niya ito gagawin. Kanyang sinabi na Kanyang gagawin ito, at Kanyang ginawa nga!

40 Ipinangako ng Diyos na Kanyang. . .doon sa Isaias, din, sa palagay ko sa ika-28 kabanata, sa bandang ika-18 talata. At doon din sa Joel 2:28, na sa huling mga araw, sa huling dalawang libong taon, ay Kanyang ibubuhos ang Kanyang Espiritu sa lahat na laman. Ang sabi Niya, "Ang inyong mga anak na lalaki't mga anak na babae'y magpropropesiya. Ang inyong mga kabataang lalaki'y makakakita ng mga pangitain. Ang inyong matatandang lalaki'y mananaginip ng mga panaginip." At ang mga bagay na Kanyang gagawin, ang sabi ni Isaias, "Nang may nauutal na labi't ibang wika ay mangungusap Ako sa bayan na ito, at ito ang Kapahingahan." Pero hindi nila Ito pakikinggan. Iniling nila ang kanilang mga ulo't nilampasan lang Ito. Ang sabi Niya, "Ang mga dulang ng Diyos ay mapupuno ng suka, at walang bagay ang malinis." At kung hindi ba 'yan larawan ng Jerusalem, at ng iglesya noong panahon ng pagdating ng Mesiyas, haya't 'yan din ang larawan sa panahon ngayon na pareho. Nauulit lamang.

41 Ngayon, kapag sinasabi ng Diyos na Kanyang gagawin ang isang bagay, Kanyang ginagawa nga ito. Kahit na ano pa ang isip-isipin ng iba tungkol dito, anuman ang sabi-sabihin ng kung sino, kapag ang Diyos ay nagsalita ukol sa isang bagay, Siya'y obligado na bigyang-interpretasyon ang Kanyang Salita Mismo. At ang Kanyang pagpapatotoo ng Salita ay ang Sarili Niyang interpretasyon. Pansinin, pinapatotohanan ang Kanyang Mensaheng Mesiyas. Ipinangako Niya ang gagawin ng Mesiyas kapag Siya'y dumating. At noong Siya'y dumating. . .

42 Maging noong ang mga lalaking pantas sa silangan ay tumanaw nang patimog-kanluran na direksyon, kung saan sila ay naroon noon sa Babilonia, at nakita nila ang isang maringal na bituwin. Alam n'yo ba na wala ni katiting ng kasaysayan, sa kung saan, na nagsasabing may obserbatoryo (dako ito kung saan doon nila binabantayan ang—ang—ang oras sa pamamagitan ng mga bituwin, mga magagaling na tao na pinag-aaralan ang mga bituwing ito). . .Talagang wala saan man sa kasaysayan na nagsasabing may isa sa mga obserbatoryo na 'yun na nakakita sa bituwin na 'yun. Bakit? Hindi kasi 'yun ibinigay sa kanila, hindi sila nakatuon sa ganoon. Pero itong mga lalaking pantas ay nakakaalam na magkakaroon ng isang Bituwin ni Jacob na sisikat, at kanilang hinahanap Ito, at Ito'y nagdaan mula noong panahon na isinilang si Jesus sa Betlehem. . .

43 Ngayon, alam ko ang mga Cristianong tradisyon natin, na parang katulad nitong mga iglesya natin, na ang mga bagay ay nababali-baligtad na. Dadako kayo rito at makikita n'yo ang lalaking pantas na sinasamba ang isang sanggol; walang

ganoong bagay sa Kasulatan. Dalawang taon ang lumipas nakarating nga sila dun, naglakbay sila sa mga kapatagan at patawid ng Ilog Tigris. Hindi sila dumating dun na sumamba sa isang sanggol, bagkus isang batang paslit na mga dalawang taong gulang na. Bakit mismo, na noong panahon na 'yun, pinapatay ni Herodes ang lahat ng mga bata na dalawang taon pababa? Siyanga't para mapatay niya ang Mesiyas. Kita n'yo, sila. . .Ang Diyos ay nagpatotoo sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

44 At noong dumating ang mga lalaking pantas na ito sa Jerusalem. . .Pinangunahan sila ng bituwin patungo sa panrelihiyong kabisera ng mundo, ang Jerusalem. At sa pagpasok nila sa mga pintuang-bayan, ang bituwin (ang sobrenatural na nanguna sa kanila) ay huminto na sa pagpapakita sa kanila. Paroo't parito sa mga lansangan itong maiinam na lalaki, mayayamang lalaki na may napapalamutiang-mainam na mga kamelyo, at kung anu-ano pa. . .paroo't parito sa mga lansangan sila ay nagsasabi, "Nasaan Siya na ipinanganak na Hari ng mga Judio. Nakita namin ang Kanyang bituwin sa silangan." At ang dakilang kabisera na 'yun ng relihiyon, matapos ang dalawang taon ng Mensahe ng pastol, mangyaring wala pa ring tugon o walang kaalam-alam tungkol Dito. Walang sagot ang pinuno ng lahat na mga denominasyon.

45 Kaya nagambala ang mga Sanedrin, at pinatawag nila ang mga Eskriba na pumunta roo't magbasa. At binasa nila ang salaysay ni Mikas, ang propeta na nagsabi, "Ikaw Betlehem, ikaw ang pinaka maliit sa lahat ng prinsipe ng Juda (ang pinakamaliit), ngunit mula sa iyo ay lalabas ang isang mamamahala na mamumuno sa Aking bayan, na Israel." At matapos na ang Mga Kasulatan ay binasa (at kasalukuyang pinapatotohanan sa harap mismo ng mga mata nila), hindi pa rin nila Ito tinanggap, gayong sinabi na mismo ng Kasulatan. Duda rin ako kung tatanggapin nila sa panahon ngayon, kapag ang Mga Kasulatan na ipinangako para sa panahon na ito'y nahayag. Marahil hindi na ako makapangaral sa inyo uli, pero nais kong makuha n'yo ito. Haya't di pa rin sila maniniwala!

46 Ibinubunsod ng dakilang karunungan ng Ama ang karunungan ng tao na maging lubos na kamangmangan kaya Kanyang minamaliit ang tao. Siya'y humahantong sa isang dako kung saan ang tao'y makakaramdam ng pagkahiya sa kanyang sarili, at siya'y di pala ganoong kalaki na aaminin niyang siya'y "mali." Ang tao'y nananatili pa rin sa kanyang salaysay, kahit na gaano nang pinatunayan ng Ama na ang Kanyang Salita ay totoo at Kanyang pinangyayari na mismo ang bagay na Kanyang ipinangako na gawin. Iniisip ng tao na ang kanyang karunungan ay mas higit sa Diyos, kung hindi 'yun mangyayari ayon sa kanyang karunungan, "Aba, hindi nga Ito ganoon."

Totoo 'yan sa bawat kapanahunan, maging ngayon. Nakikita n'yo ba kung paanong ang buong bagay na 'yun ay ganoon na ganoon, ngayon?

47 Grabeng inspirasyon 'yun para sa mga pastol! Bumaba ang mga Anghel at nangusap sa mga pastol, mga Anghel ng Diyos na dumating para mangusap sa isang grupo ng pastol.

48 Iniisip ko nga kung kayo'y nagkaroon na ba ng pagkakataon na—na makipag-usap sa isang pastol o may nakasama nang pastol, noon? Kung nasubukan n'yo na, ayaw ko—ayaw ko sanang sabihin ito dahil sa komento na sasabihin ko maya-maya, pero dahil sa pananatili nang matagal ng pastol kasama ang kanyang mga tupa ay hayan nga't maging ang tawa niya ay parang tawa na ng tupa (umuunga), ang pangungusap niya'y kagaya sa tupa, ang amoy niya'y kagaya sa tupa. Ganoon nga, dahil ang kasa-kasama niya'y mga tupa. Yun ang tanging bagay na alam niya, ang kanyang mga tupa.

49 Ngayon, ang pinatotohanang Salita ng Katotohanan. Noong ang mga pastol na ito, na mga mababa't, di-edukadong lalaki . . . Grabeng karangalan, ganoon na lamang kaangkop na ang isang pastol ay makatatanggap ng isang mensahe tungkol sa isang bagong silang na tupa. Hindi nga 'yun darating sa kung anong iba pa kundi sa isang pastol. Yun ang dahilan kung bakit si Jesus ay ipinanganak sa sabsaban, at hindi sa isang bahay. Hindi ipinapanganak ang tupa sa isang bahay, o sa isang napapalamutian na kulay-rosas na silid sa ospital. Kita n'yo? Sila'y ipinapanganak sa kamalig, at sa kabukiran.

50 Yun ang dahilan kung bakit Siya *pinangunahan* patungo sa Kalbaryo. Hindi n'yo mapapalakad ang isang tupa sa tulayan patungo sa katayan. Alam n'yo ba 'yun? Sa mga yarda ng katayan, may kambing sila roon na nangunguna sa tupa. At kapag nakaabot na siya roon sa lugar ng katayan, ang kambing ay tumatalon paalis at hinahayaan ang tupa na magpatuloy. Ang tupa ay kinakailangan na pangunahan, hindi niya mapapangunahan ang kanyang sarili. Kaya, mangyari, na kinailangang maging pastol na darating para sa . . . kanyang tupa. Noong matagpuan nila ang Diyos-na-sanggol doon mismo sa sinabi ng mensahero kung saan Siya matatagpuan, at noong masumpungan nila ang Mensaheng ito ng mensahero na nasa sabsaban, doon mismo sa dako na sinabi ng Anghel na masusumpungan Ito.

51 Ngayon, nakakarinig ako ng mga tao na nagsasabi, "Isang Anghel ang nangusap sa akin, ang sabi Niya, '*ganito* at *ganoon*.'" Katawa-tawa kung minsan; at naririnig ko na may mga taong magsasabi na isang Anghel daw ang nangusap sa kanila, at sinabi sa kanila na "*ganito* at *ganoon*" na lubos namang kontra sa Salita. Ngayon, paanong magagawa 'yan ng isang Anghel? Hindi nga maaari. At kung may sabihin sa iyo ang Diyos na isang

*ganito-at-ganoong* bagay ang mangyayari (na *sinasabi* n'yo na Kanyang sinabi 'yun sa inyo), at hindi naman nangyari, kung ganoon hindi Diyos ang nangungusap sa inyo. Alalahanin n'yo mismo 'yan, siyanga. Hindi nagsisinungaling ang Diyos. Hindi Siya masusumpungan sa isang kasinungalingan.

52 Noong matagpuan nila ang Sanggol, grabeng kagalakan nga 'yun sa kanila. Dahil ang Anghel na nagbigay sa kanila ng mensahe, natagpuan nila ito nang eksakto sa paraan na sinabi ng Anghel, at doon mismo sa lugar na sinabi ng Anghel kung saan ito. Grabeng bagay nga 'yun sa kanila!

53 Sa isang sabsaban, bakit? Tingnan n'yo kung gaanong kakumportable ang mga pastol sa sabsaban? Ano kaya sa tingin n'yo kung isang teologo ang madadako roon? Maglalagay siguro siya ng pang-ipit sa kanyang ilong, at magsasabi, "Paalisin n'yo ako sa lugar na ito." Kita n'yo? Siya nga'y magiging wala sa lugar, siya'y di mapapalagay.

54 Pero, kita n'yo, 'yun nga'y mistulang "tahanan mismo" para sa pastol. Alam ng Diyos kung saan Niya ipapadala ang Kanyang Mensahe. Kita n'yo? Ganoon nga mismo. Sa kalagayan na ito na ang mga pastol ay naroon, sa kanilang kuwadra kasama ang kanilang Cordero, na isang pinatotohanang Mensahe na kanilang napakinggan. Grabeng ganda! Sa presensya ng Mesiyas, na pinagtibay na Salita ng kanilang Mensahe. Noong marinig ng mga pastol na ang Mesiyas ay nasa lupa, at dumating sa presensya Niya, doon mismo sa sarili nilang kapaligiran, (at nasumpungan ang Mensahe na totoo talaga, na haya't pinagtibay roon) ano na lang kaya ang naramdaman ng mga kalalakihan na 'yun, noong masumpungan na ginawa ng Diyos ang dakilang bagay na ito para sa kanila.

55 Aba, ang mga iskolar ay magmimistula ngang wala sa lugar doon, na sa ganoong katayuan, sila'y aalis agad-agad. Bakit? Ang Mensahero ay dumating sa pangkaraniwang mga pastol. Marahil di nila kayang. . .itong. . .Ang ilan sa mga pastol na ito'y marahil walang kakayahan na ipirma ang sarili nilang pangalan, malamang. Kilala n'yo ba ang pastol na pinili ni Jesus noong narito Siya sa lupa, para pagpastulan ang Kanyang mga tupa, "Iniibig mo ba Ako, Pedro, nang higit sa mga ito?"

56 "Opo, Panginoon, batid Mo na iniibig Kita."

57 "Pakainin mo ang Aking mga tupa." At sinabi ng Biblia na si Pedro ay isang mangmang na di nakapag-aral na lalaki. Pumipili pa rin ng mga pastol.

58 Ang mga miyembro ng iglesya noong nakaraang panahon na 'yun, at mga saserdote, at pinagsanay-nang-lubos na lipunan noong panahon na 'yun ay siguradong magiging wala sa lugar sa isang kuwadra. Ngayon, di ko lang alam kung marami sa inyo ang makaiintindi (marahil, kayo na mga taga-siyudad) kung gaano ang amoy ng isang kuwadra sa Judea, kung anong

itsura nito, gayong naroon ang mga hayop sa kuwadra na 'yun, at kung ano ang kalagayan dun. Aba, itong mga premyadong tao sa panahon ngayon ay siguradong magiging wala rin sa lugar, di nila—di nila maaatim na pumasok man lang ng pinto. Pero nalugod ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang walang hanggang karunungan, na ihayag Ito sa kanila na mga tatanggap Nito. Yung mga iskolar, at matatalinong tao noong panahon na 'yun ay tunay na di Ito tatanggapin. Ikakahiya nila na masumpungan man lang na naroon sila sa ganoong lugar.

59 Aba, unang bungad pa lang, sa pagbabalik nila sa kanilang iglesya, at magsasabi tungkol sa kanilang pagdalo sa ganoong pagtitipon, at maniniwala na isang grupo ng di-edukadong mga pastol ang nagdala ng ganoong kaganapan, sila nga'y ititiwalag sa kanilang iglesya. Itatakwil sila ng lipunan ng Betlehem, kapag mahuli sila na nakikinig sa ganoong di-aral na grupo ng mga tao gaya ng mga pastol na ito. Ikakahiya, ganoon nga ang sasapitin nila. Kapag nakaugnay nila ang ganoong pangkaraniwang mga tao, at haya't . . . tinatanggap ang ganoong mga hidwang katuruan daw gaya ng paniniwala na hinahatid ng Diyos ang Kanyang Mensahe sa isang di-edukadong grupo ng mga pastol, samantalang kanilang inihanda na ang lahat-lahat para rito. Siguradong maiwawaglit nila ang kanilang pakikisapi, ibabalik sa kanila ang kanilang mga papeles, at hindi na sila kikilalanin sa kalagitnaan ng lipunan ng kanilang mga grupo noong panahon na 'yun; dahil naugnay sila sa ganoong bagay, at hindi sa isang mas mainam na pag-iisip.

60 "Ang lakas ng loob n'yo!" marahil ang sinabi ng saserdote. "Papasok kayo sa santuwaryo ko rito na dala-dala ang hidwang katuruan na 'yan, 'yang kalokohan na 'yan, na may ilang di-aral na tao-sa-ilang doon na di man lang . . . di man lang pumasok . . . sa unang baitang. At paniniwalaan ang ganyang mensahe, gayong, 'Isang Anghel daw ang bumaba't nakipag-usap sa kanila'?"

61 Pero paano kung sabihin ng lalaki, "Nakita ko ang Mensahe niya na pinatotohanan"?

62 Sasabihin niya, "Sige't isasauli ko agad sa'yo ang mga papeles mo. At umalis ka sa kapisanan na ito!" Nagbabago ang panahon, pero ang tao'y hindi. Maaaring mangyari 'yun uli ngayon, na paaalisin sila sa kanilang mga iglesya.

63 Pero 'yung mga pastol nga'y kumportable sa lugar na 'yun na kasama ang Cordero ng Diyos. At sinumang mabuting pastol ay ganoong bagay rin ang gagawin. Kapag ang isang mabuting pastol na nangangalaga ng mga tupa'y masasaksihan ang Salita ng Diyos na pinagiging malinaw at pinapatotohanan, ukol sa bagay na ipinangako ng Diyos na gagawin, ang pastol na 'yun ay kampante. Wala akong pakialam anuman ang sabihin ng

iba, hayan ang "Ipinangako Ito ng Diyos, at ginawa nga Ito ng Diyos."

64 Sinasabi nila, "Ang mga araw ng himala'y lipas na. Walang ganyang bagay na Bautismo ng Espiritu. Walang ganyang bagay na Bautismo ng Espiritu Santo, para lang 'yun sa mga apostol."

65 Pero hayaan n'yong ang isang tunay na pastol ng Salita ang mangaral Nito, sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! Sinabi ni Pedro noong araw ng Pentecostes, "Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na mga nasa malayo, nasa marami na tinawag ng Panginoon nating Diyos." Saang dako man Siya magtawag, ang pangako at ang parehong pagpapala ay totoo. Haya't hayaan n'yong makita 'yan ng isang tunay na nagpapakain-ng-Salitang pastol na pinapatotohanan, lahat man ng mga teologo sa mundo'y di Ito maaagaw mula sa kanya; dahil batid niya na sinabi mismo 'yun ng Diyos, at kaya ito nangyayari. Ganoon mismo. Laging Salita ng Diyos sa tuwina. Ang Kanyang Salita ay nagsalaman at nananahan sa kalagitnaan nila, at hindi pa rin nila Ito napagkikilala.

66 Kanyang ipinangako ang siya ring bagay sa panahon ngayon. Iniisip ko kung mapagkikilala ba natin Ito? Hindi kailanman tinanggap ng mga mapagmataas at matatalino ang bagay na gaya nun. At naniniwala sila na kung may bagay man na ganoon na isang Mesiyas sa lupa, ay siguradong sa kanila raw na denominasyon Ito pupunta. Ang grupo raw nila ang makatatanggap Dito, o kung hindi'y "Hindi Ito tama." Ngayon, isipin n'yo nga nang husto. Kung hindi raw sa kanilang grupo, kung ganoon. . .Napansin n'yo ba, roon? Hindi kailanman pumili ang Diyos mula sa kanilang grupo, bagkus ang pinili Niya ay yaong di konektado sa kung anuman. Dahil makakapagsabi ang isang grupo, "Nakita n'yo na ang nagawa namin?" At ganoon din ang gagawin nila sa panahon ngayon. Pero ang pinipili ng Diyos ay 'yung di kilala, 'yan ang dahilan kung bakit pinili Niya ang pastol. Ganap na kumportable ang mga pastol kasama ang Diyos-na-kordero sa kalagitnaan nila, ang Kanyang Salita na nagsalaman sa kalagitnaan nila. Di kailanman Ito tinanggap ng mga mapagmataas at matatalino, kaya nilampasan sila.

67 At masasabi natin na ganoon din ito sa panahon ngayon, o sa alinmang panahon. Ganoon na ganoon din ito noong panahon ni Martin Luther. Ganoon din sa panahon ni John Wesley. Ganoon na ganoon sa panahon ng mga Pentecostal. Pero hindi nga humihinto ang Diyos para sa kung anong organisasyon ng tao! Patuloy Niyang ipinakikilos ang Kanyang Espiritu para patotohanan ang Kanyang Salita! Ang gusto nila'y kailangan itong mangyari at darating ayon sa uri ng kanilang sariling konseho o kung hindi'y di nila Ito tatanggapin. Ganoong katigas ang ulo nila ngayon, lahat ng mga

kaiglesyahan, na kesyo "*ganito-at-ganoon* daw ang dapat gawin, at pagkakaisahin ang lahat na mga kaiglesyahan para magsama-sama." Marahil maghahanap sila ng isang mensahero ngayon, na kayang pagkaisahin ang lahat na mga Protestante, Katoliko at Orthodox, ang lahat na magsama-sama, para gumawa ng isang malaking iglesya.

68 Ngayon, mga kapatid, ako'y nabigyan ng pribilehiyo na makapangaral sa daan-daan na iba't ibang relihiyon, at may mabubuting tao sa lahat sa kanila. Pero ngayon, alalahanin n'yo, ako'y nagpropropesiya, "Bawat organisasyon ay dapat tanggapin ito, o hindi kayo magiging organisasyon. Pupuwersahin kayo nito." Nabasa n'yo na ba 'yung pahayagan dito sa Tucson ngayong araw kung saan ang mga Katolikong pari ay tumutulong sa pag-oordena, sa pahayagan. . . tumutulong mag-ordena, doon sa Missouri, ng isang Protestanteng ministro? At sino-sino ang kumikilala nito? Presbyterian, mga Baptist, Lutheran, at Assemblies of God. Nandiyan po ito sa pahayagan ng Tucson ngayong araw.

69 Oh, nakakagulat! Hindi 'yung tao roon, kundi 'yung eklesiyastikal, na maka-gobyernong mga tagapangulo na binabaluktot ang bagay na 'yun doon, 'yung sistema na nagsasadlak sa inyo roon gustuhin n'yo man o hindi. Hindi na kayo maaaring maging isang organisasyon at makatatakas sa poot na ito na parating sa lupa, at tingnan n'yo kung hindi ba't tama ito. Marahil wala na ako kapag nangyari ito, balikan n'yo ang mga teyp na ito. At kung hindi magkaganoon, isa akong huwad na saksi. Kung mangyari, akin ngang sinaysay ang Katotohanan.

70 Marahil tatawagin nila Ito na "kung anong pagkilos ng masamang espiritu" na laban sa kanilang positibong pag-iisip. Madalas-dalas kayong makakarinig tungkol sa positibong pag-iisip: na ilagay n'yo lang daw ang isip n'yo sa anumang bagay, at mag-isip nang positibo sa bagay na 'yun. Magagawa rin 'yan ng diyablo! May isang bagay lang na nangingibabaw sa lahat ng ito, at 'yun ang Salita ng Diyos. Kung ang pag-iisip n'yo ay kontra sa Salita, kalimutan n'yo ang iniisip n'yo. Isipin n'yo ang Salita.

71 "Ang Mesiyas," sa isip-isip nila, "ay di matatagpuan sa ganoon klaseng lugar, na madumi na gaya nun."

72 Maiisip n'yo ba ang isang pino't, bantog na punong saserdote, o ministro, na pulidong-pulido sa teolohiya, ay dadako roon sa kuwadra na puno ng dumi ng hayop? Tapos tatanggapin ang Mensahe ng isang mahirap, na mababang pastol na walang edukasyon, at magsasabi "Kita n'yo, mapapatunayan ko Ito sa inyo, na ito ang Sanggol, ito ang Mensahero"?

73 At alam n'yo ba kung ano ang sasabihin ng mga taong 'yun? "Tapat ang lalaking ito, siya'y napaka taos-puso sa bagay na sinasabi Niya, pero siya'y ganap na mali!"

74 Nakakita na ako ng mga tao na namumuhay ng mabubuting pamumuhay hanggang sa ang mga taong 'yun ay ayaw maniwala, wala kang masasabing anumang bagay ukol sa kanila, pero sinasabi nila "Siya'y sinserong mali. Sadyang di niya alam ang sinasabi niya. Ang Diyos, ay hindi gagawa ng isang bagay na gaya nun."

75 Pero heto nga may ebidensya sila! At pagkatapos ng ebidensya, "Puntahan n'yo roon sa kuwadra at tingnan n'yo kung hindi ba't ang Sanggol ay nakahiga roon."

76 Sasabihin nila, "Naalihan ka lang ng kung anong masamang espiritu, na nagbunsod sa'yo na magsabi ng ganoong bagay." Gayong batay 'yun sa Salita ng Diyos! At sila'y labis na bulag para makita Ito, dahil binulag sila ng kanilang teolohiya. Grabeng trahedya!

77 "Matatagpuan sa ganoong lugar? Sa ganoong karumi na gaya nun? Sa isang kuwadra?" Gayong mayroon naman daw silang magarang lugar para sa Kanya na mapupuntahan, inihanda nga nila ang lahat-lahat para sa Kanyang pagdating, at pagkatapos ang isipin na dadako Siya roon (at magpupunta) at hindi sa kanilang mga tagapagturo dadalhin ang Mensahe. "At ibibigay Ito sa isang bunton ng mga di nakapag-aral na mga pastol? At haya't ipadala ang Kanyang sariling Anak, at ipapanganak Siya sa isang—isang kuwadra? Sa isang kuwadra ng kabayo? Buweno, sa isang—sa isang sabsaban na dayami? Aba, hindi maaari!" Hindi sila makapaniwala Rito, dahil Ito'y napakababa.

78 At ganoon na lamang Itong kasimple, na dahil dun napapalampas Ito ng matatalino. Ganoon ngang kasimple, pinahihiya sila Nito. Hinanap nila ang isang Diyos sa dako roon, gayong Siya'y narito. Kita n'yo? Naghahanap sila ng isang bagay sa malayong ibayo, gayong ito ngayo'y narito na mismo sa kanila: si Cristo, na nagbangon mula sa patay, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

79 Lahat ng dakila nilang mga bagay ay nilampasan. Pero 'yun nga'y tunay na Katotohanan, na "iyon nga ang Mesiyas." Alam natin 'yan ngayon. Sinasampalatayanan natin 'yan ngayon. Tinatanggap natin 'yan ngayon.

80 Pero kung magkagayon na ang Diyos ay nangako ng isang bagay para sa Paskong ito, nangako ng isang bagay para sa araw na ito, at pinatunayan na totoo nga Ito, at tayo'y lalakad pa rin palayo mula Rito, naroon nga tayo sa parehong uri nila noon (noong araw) na pinalampas Ito; dahil sa Ito'y hindi—hindi umaangkop sa ating maka-denominasyong panlasa. Yan ang dahilan kung bakit nasa ganoong kalituhan tayo ngayong Pasko.

81 Si Jesus Cristo ay hindi patay, Siya'y buhay. Siya'y narito ngayon! Ang sabi ng Biblia, "Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Sinabi Niya, sa San Juan 14:12, "Ang sinumang sumasampalataya sa Akin. . . " (hindi

ang kunwang-nananampalataya, na *nagsasabi* lang na siya'y nananampalataya) "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. At mas marami pa rito ang gagawin niya, dahil Ako'y tutungo sa Ama." At nakita ko Siya, sa sarili kong buhay, na gumagawa ng mas maraming parehong gawa (na ginawa Niya noong araw) kaysa sa nasusulat sa mga pahina ng Bibliang ito. At ito'y lampas-lampasan lang sa ibabaw ng ulunan ng mga matatalino sa panahon ngayon, at inihahayag sa mga sanggol na sa mga ito'y matuto sila; gaya ng ipinanalangin ni Jesus. Totoo, gumawa Siya nang mas marami kaysa sa Kanyang. . .Nakita ko mismo sa panahon ko, sa tatlumpu't tatlong taon ko ng pagmiministeryo, nakita ko Siya na gumawa nang mas marami kaysa sa nabasa ko tungkol sa ginawa Niya sa Biblia; mas marami nung parehong bagay.

82 Pero anuman ang ginawa Niya noon, sa palagay n'yo ba pinaniwalaan Siya ng Sanedrin? "Buweno," ang sabi nila, "naalihan ka lang." Pero, nalaman natin, kung saan sila nakagawa ng pagkakamali ay dahil di nila inalam. . .inalam dapat nila, hindi kung ano ang sinasabi ng kanilang kredo, kundi kung ano ang sinabi ng Salita na gagawin ng Mesiyas sa kanilang panahon. At diyan tayo nagkakamali sa panahon ngayon, sa di natin pagsaliksik ng Mga Kasulatan. Sinabi ni Jesus sa kanila, "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sa mga Ito ay iniisip ninyo na mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang Siyang nagpapatotoo ukol sa Akin. Sinasabi ng mga Ito kung Sino Ako."

83 Pansinin, pauna nang nalalaman ng Diyos na gagawin nila ito, haya't 'yung kung *bakit* Niya kinailangan na dalhin Ito sa mga pastol. Alam Niya na di nila 'yun gagawin, hindi nila Ito tatanggapin. Ngayon nakita n'yo na kung bakit kinakailangan na mga pastol? Bakit mga pastol? Hindi kasi Ito tatanggapin ng mga teologo. Bakit nga mga pastol uli? Ito ba'y magiging laban sa Kanyang Salita? Hindi! Sila'y mga pastol, kilala nila ang mga tupa; at ganoon Siya ipinanganak, isang tupa, isang kordero. Pansinin, si Jesus ang Cordero. Sila lang—sila lang ang tanging uri na tatanggap sa Kanya. Ang pastol ang tanging tatanggap sa isang Cordero. Alam nila kung paano Ito pangalagaan, at ganoon din ito sa panahon ngayon sa pagtanggap natin sa Mensahe ng Cordero.

84 Ngayon ang kapansin-pansin dito! Ang pinaka mapagpakumbaba't, di nakapag-aral na tao'y sinasamba si Emmanuel sa isang kuwadra. Ang pinaka. . .At may mga tao sa dako roon, sa siya ring panahon, na nagtuturo ng kanilang teolohiya. Malalaking madla, kung saan-saan galing, mula sa buong lupain, sila'y nagtutungo para mag-alay ng sinabi ni Jehovah na "isang alingasaw sa Kanyang ilong." At heto ang mabababang mga pastol, sa isang kuwadra, na sinasamba si

Emmanuel; ang Diyos Mismo na nagsalaman, at nakahiga sa loob ng isang kuwadra. Nakita n'yo, kung papaanong sa ating nagtataasang pag-aaral, at mga ulong nakaliyad patalikod na parang may alam tayo, haya't nilalampasan ng Diyos ang buong 'yan. Kita n'yo? Kanyang ginagawa ang bagay na ipinapangako Niyang gagawin, at sa tuwina'y ginagawa Niya 'yan. Pero isipin n'yo na lang ang mabababang mga pastol na 'yun doon na heto't sinasamba si Emman-. . .Emmanuel sa isang kuwadra. Kapansin-pansin nga. Tunay!

85 Pagkatapos doon. . .Matapos na sambahin nila Siya, at napagkilala na ang Mensahe na kanilang ipinapangaral ay pinatotohanan, hayun sila. . .lumabas dun na nagpupuri sa Diyos sa pinaka di kapani-paniwalang Mensahe ng isang Anghel. Ngayon ikumpara n'yo 'yan ngayon. Huminto lamang pansumandali at magbulay. Hayan ang tao na sinasamba ang Diyos, at pinupuri Siya dahil sa bagay na kanilang nakita, bagay na kanilang narinig, bagay na nalalaman nilang Katotohanan, kamit ang Mensahe na di kapani-paniwala sa isang intelektuwal na pag-iisip. Yun nga'y kontra sa lahat ng eklesiyastikal na pag-iisip, at sa kabila nun ay 'yun ang Katotohanan! Yun ang Katotohanan! Kanilang sinampalatayanan Ito. At ngayon, gaano na lamang kamangmang ang karunungan ng tao! Tapos sasabihin na isang koro ng Anghel ay umawit sa kanila ng unang noel. Maiisip n'yo ba 'yun? Na hayan ang isang pastol na di man lang maisulat ang kanyang sariling pangalan, na amoy kulungan ng tupa, ay naglalakad sa lansangan, na sumisigaw, "Luwalhati sa Diyos na Kataas-taasan! Alam namin na Siya'y nasa lupa!"

86 Ang sabi ng saserdote, "Ang lalaking 'yan ay wala sa kanyang tamang pag-iisip. Tingnan n'yo sa mga aklat na talaan natin at kung siya ba'y miyembro ng ating kongregasyon. Nagbubunsod lang siya ng kahihiyan dahil diyan sa kanyang di-batay sa etikang pagtuturo. Ilayo n'yo siya mula sa atin. Ayaw nating mapahiya sa gitna ng mga tao."

87 Buweno, maaaring mapahiya ka sa gitna ng mga tao at kaluwalhatian naman sa harap ng Diyos; o pumili ka, dahil, alalahanin n'yo, ang eklesiyastikal na panlasa ng panahon ay di lumalakip sa Salita ng Diyos. Wala Itong siyamnaraan at animnapu't siyam na iba't ibang panlasa. Isa lang ang lasa Nito, isang Salita, isang Diyos. Ganoon nga mismo.

88 Sinasabi na umawit ang mga Anghel ng unang noel sa kanila, at sinasabi rin na sila'y "nakatanggap ng isang Mensahe mula sa isang Anghel." Isang Anghel nga ang nagpakita sa kanila, ibinigay sa kanila ang isang Mensahe, at humayo sila't nasumpungan na Katotohanan mismo ang Mensahe na 'yun. Tapos sinasabi, "Maliban pa dun, umawit ang Anghel sa amin ng unang noel."

89 “Maiisip n’yo ba ’yun?” Sasabihin nila, “Yung abang tao na ’yun.” Hindi nga sila nakaranas ng ganoong bagay na mangyari sa kalagitnaan nila, alam n’yo, kaya parang kakatwang doktrina ang dating nun sa kanila. At ’yun ang dahilan kung bakit di nila Ito masumpungan sa Mga Kasulatan, hindi ’yun para sa kanila na masumpungan Ito. Di kapani-paniwala para sa matatalino, wala kasing ganoong karanasan na nangyari sa kanila. Mahirap paniwalaan, pero nananatili pa rin Itong Katotohanan. Yun ang Katotohanan, alam natin na Ito’y Katotohanan. Isipin n’yo! Ang unang mga akay at unang kongregasyon ni Cristo’y mga tagapag-alaga ng tupa, hindi mga ministro; mga tagapag-alaga ng tupa, mga pastol. Bakit mga pastol?

90 Pansinin! Lumabas dun na pinupuri’t niluluwalhati ang Diyos dahil sa bagay na kanilang nakita at narinig, narinig ang mga Anghel na umawit sa una nilang pagkakataon sa mga tao. Ang mga Anghel ay di pa kailanman umaawit sa isang tao. At tingnan n’yo ’yung mga koro, kung papaanong tumindig sila’t pinagsanay at nag-ensayo ng kanilang mga boses, “aawit sila sa kapanganakan ng Mesiyas,” at mangyari na lahat sila’y nilampasan! Haya’t bumaba ang Mga Anghel at umawit sa pangkaraniwang mga pastol, na di nakasuot ng mga pang-ministrong kasuotan, kundi damit na pampastol. At tingnan n’yo kung sino ang nakakuha ng unang Mensahe, di nga kapani-paniwala.

91 At saang dako ito ibinigay, hindi sa mga katedral, bagkus dun sa ilang, doon sa ilang kung saan dumating ang Anghel ng Panginoon. Hindi sa simbahan, sa ilang. Ni hindi nga Siya tanggap sa simbahan. Iniisip nila na ganito Siya, at inaakala nila na natanggap nila Ito, pero pinatunayan ng Diyos na mali ito. “May kakayahan Siyang magbangon ng mga anak ni Abraham mula sa mga batong ito.” Ganoon nga.

92 Ang unang beses na ang mga Anghel ay umawit sa isang pagdiriwang, ’yun ay sa Langit. Kung titingnan n’yo sa Job 38:7, (nakikita ko nga na ang ilan sa inyo ay naglilista), noong ang Diyos ay nagplano noong una na gawin ang Kanyang unang nilikha, sa lupa. Si Job ay isang dakila’t, matalinong lalaki, at taglay niya ang lahat ng uri ng karunungan. Ang sabi niya, “Kapag ako’y nagtutungo sa mga pamilihan, ang mga kabataang prinsipe, lahat sila’y yumuyuko sa akin, at nagnanais mismo ng isang sandali ng aking karunungan.” At hindi niya mapagtanto kung bakit siya trinato sa paraan na ’yun ng pagtrato sa kanya.

93 At kaya sinabihan siya ng Diyos, sabi, “Bigkisan mo ang iyong sarili na parang lalaki, dahil Ako’y bababa para kausapin ka.” At noong ang Diyos ay bumaba sa isang ipo-ipo, ang sabi Niya, “Job, nasaan ka noong Aking ilatag ang mga patibayan ng mundo? Noong ang mga tala sa umaga’y magsiawitan na magkakasama, at ang mga anak ng Diyos ay nagsihiyawan sa

galak, nasaan ka n'yan, Job?" At nangyupapa siya noong sandali na 'yan. "Nasaan ka?"

94 Kita n'yo, ang unang beses na ang mga Anghel ay umawit kahit kailan sa isang pagdiriwang, ay sa Langit. Pero ang unang beses na sila'y umawit sa lupa, ay sa mga pastol sa kapanganakan ng Diyos, na Emmanuel sa lupa; ang unang mga tao na nakarinig ng pag-awit ng Anghel, ay mga mapagpakumbabang pastol.

95 Samantalang inilalagay natin ang ating mga pinturadang babae, na putol ang buhok, nagsusuot ng shorts, at magbibihis ng kung anong balabal pangsimbahan, at patatayuin sila roon at aawit na parang kung ano, at pagkatapos iisipin na pakikinggan 'yun ng Diyos? May mga Anghel Siya sa ibayo roon na kayang umaliw sa Kanya mula pa noong. . . bago pa Siya lumikha ng tao. Uh-huh. Lalabas at ang namumuhay . . . haya't nagsusuot ng mga damit na karumal-dumal sa Diyos, at paano n'yo aasahan ang ganoong bagay na sa Diyos? Sasabihin n'yo, "Buweno, kabilang ako sa . . . "

96 "Nasaan ka noong ilatag Ko ang mga patibayan ng lupa? Sabihin mo sa Akin kung saan Ko ikinabit ang mga ito. Nasaan ang pinaggugulungan habang umiikot ang mga ito? Nasaan ka noong panahon na ito?" Sa palagay n'yo ba hihingan tayo ng Diyos ng kaunti nating karunungan. Ang ating karunungan ay kamangmangan lang sa Kanya. Ginagawa Niya ang bagay na sinasabi Niya na Kanyang gagawin.

97 Ngayon pansinin, ang Diyos ay naghahanda na gumawa ng panibagong paglalang. Siya'y gumawa ng mortal na mundo, mortal na buhay. Ang mga Anghel ay umaawit sa Langit. Pero dito'y gumagawa Siya ng isang bagong Buhay, Buhay na Walang Hanggan para sa tao, at Siya'y umaawit sa Kanyang mga nasasakupan sa pamamagitan ng Mga Anghel; sa lupa, hindi sa Langit. Ang Langit ay may Buhay na Walang Hanggan. Kita n'yo? At umawit Siya . . . sila'y umawit sa Kalangitan, noong ang mortal na nilikha'y pumasok; at dito'y pumasok ang imortal na nilikha, at ngayon sila'y umaawit sa makalupang mga tao. Sa kauna-unahang pagkakataon, sa mga pastol. Kapansin-pansin, di po ba?

98 Siya'y nagpasimula ng panibagong paglalang. Ano 'yun? Isang paglalang ng Sarili Niya mismo. Ang Diyos ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin. Yan. . . Ang sabi ng Biblia, "Sa pasimula ng paglalang ng Diyos." Ang Diyos ay nilalang sa anyong tao; kay Jesus Cristo, na Kanyang Anak, ang Diyos ay nanahan. Kanyang itinayo ang Kanyang tabernakulo ng laman at mga buto, at nanahan sa tabernakulo na 'yun; ang Diyos, *Emmanuel*, "Ang Diyos ay kasama natin." Gumawa Siya para sa Kanyang Sarili ng isang bahay, para panahanan, para mapaaninag Niya ang Kanyang Salita sa Kanyang mga

nasasakupan sa pamamagitan nun. Makikilala n'yo ang Diyos, kapag nakita n'yo si Cristo.

99 Alalahanin n'yo, sa tuwina'y may pag-aawitan sa kapanganakan ng isang hari. Ilan ang nakakaalam n'yan? Siyanga't, alam n'yo. Buweno, ngayon, sa palagay n'yo ba kung ang Hari na ito'y ipinanganak sa dakong 'yun, na isang babae ang magmamadaling pupunta sa katedral sa kung saan, at magsasabi, "Maghanda kayo ng kama dali-dali, at ipatawag ang mga doktor, dahil akin nang ipapanganak ang Emmanuel sa lupa"? Haya't isang mahirap na babae mula sa Nazaret, ang pinaka mababang siyudad, ang. . .mas masama kaysa rito sa Tucson at sa alin pa sa mga ito, at pagkatapos heto ang abang babae na nagmamadaling susugod dun sa mga bantog na punong sadersote at magsasabi, "Aking—aking ipapanganak na ang Emmanuel." Aba'y ipapatapon nila siya sa bilangguan. Tunay nga. Siguradong gagawin nila 'yun. Yung ganoong klaseng kahidwaan na dadalhin sa gitna ng kanyang mga tao, hindi nga niya matatanggap 'yan. Ganoon din siya sa panahon ngayon. Anupa't ganoon na ganoon ang nangyayari, parehong-pareho.

100 Pansinin n'yo, kinakailangan na may pag-aawitan. Ang mga hari noon. . .Malamang ay di Siya aawitan. Malamang ang mga tao'y di Siya aawitan, dahil hindi sila naniniwala sa Kanya. At 'yan ang dahilan. . .Heto na Ito, mainam nga na makuha n'yo Ito. Yan ang dahilan kung bakit ang mga tao'y nahihiya na magpuri sa Diyos, ikinahihiya nila si Cristo! Di tatanggapin ng naglalakihang mga katedral ang Bautismo ng Espiritu Santo, sila'y nakapako nang husto sa kanilang eklesiyastikal na pamamaraan na hindi nila Ito tatanggapin. Ang Diyos nga'y maghahanap ng iba na Siya'y mapapapurihan. "May kakayahan Siya na ibangon ang mga batong ito na maging mga anak ni Abraham," gaya ng pagsipi ko kay Juan uli.

101 Pansinin, ang Kanyang mga nasasakupan ay kinakailangan na umawit sa Kanya. At ang mga nasasakupan Niya noon ay ang Kanyang mga Anghel, at sila'y umawit sa Kanyang mga pastol na siyang magdadala ng Kanyang Mensahe.

102 Sino ang dapat makarinig Nito unang-una? Siyempre, ang Kanyang mga nasasakupan. Sila ang makakarinig mismo ng unang awit sa Hari, ang Kanyang mga nasasakupan mismo. At ano ang Kanyang mga nasasakupan? Kapansin-pansin, di po ba, mga kapatid? Siyanga't hindi ang Kanyang mga ministro. Hindi ang mga teologo. Ganoon nga. Hindi ang mga tao ng denominasyon. Hindi, kundi mga pastol. Bakit? Mayroon kasing tupa na ipapanganak, 'yan ang dahilan. Kita n'yo? Napakinggan Ito ng Kanyang mga nasasakupan, na alam ng Diyos na maniniwala. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Mensahe sa kanila na sasampalataya Rito. Siya'y buong-karunungan; nalalaman Niya kung saan Niya ipapadala ang Kanyang Mensahe, kung

sino ang sasampalataya Rito. Ang Pinakamataas ng Langit ay ipinadala sa pinakamababang tao sa lupa.

103 Ang sabi ni Jesus, sa Mateo 5, "Mapalad ang mapagpakumbabang-loob, sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit." Si Maria, sa . . . Kung inililista n'yo ang Mga Kasulatan, sa Mateo 5 po 'yan. At kung naglilista po kayo ng Mga Kasulatan . . . Ito po ang isinulat ko rito, mga Kasulatan.

104 Ang sabi ni Maria, sa Lucas 1:52, noong siya'y pahiran ng Espiritu, na ang Espiritu Santo ay lumukob sa kanya, ang sabi niya, "Kanyang itinaas sila na may mababang kalagayan." Sinabi 'yun ni Maria, ang nanay ni Jesus, ang sabi, "Kanyang itinaas sila na may mababang kalagayan."

105 Sinabi rin ni Lucas, "Ang mga karaniwang tao'y nakinig sa Kanya nang may galak." Hindi ang—ang mga elitista, ang—ang mga teologo, ang mga doktor ng kautusan at ng dibinidad; pero may galak na pinakinggan Siya ng karaniwang mga tao, mga tao na may mababang kalagayan.

106 Sa buong banal na Kasulatan, ang Mensahe ng pagtutubos ay ibinigay sa pamamagitan ng mga pastol at mga tupa.

107 Ngayon malapit na akong magtapos, dahil malapit nang maubos ang oras. Lalaktawan ko na ang maraming Kasulatan para mahatid ko kayo sa kaisipan na ito.

108 Sa buong Kasulatan, ang katubusan ay pinakikilala sa pamamagitan ng mga pastol at mga tupa. Ganoon nga. Lahat tayo'y sumasang-ayon diyan. Bakit? Yun kasi'y nasa anino at tipo. At anumang bagay . . . Halimbawa di ko pa nakikita ang kamay ko kahit kailan, at tumingin ako rito sa anino ng kamay ko, at nakita ko na may limang daliri ako, malalaman ko kung ano ang pinapaaninag nito; pinapaaninag ng negatibo ang positibo. At 'yan ang dahilan kung bakit ang Mensahe'y dumarating sa tuwina sa . . . katubusan sa pamamagitan ng tupa, dahil mula sa pinaka simula . . . Haya't sa pamamagitan nga ng tupa, at sa pamamagitan ng mga pastol, na Kanyang inihahayag ang Kanyang Sarili. Ang lahat ay mga anino't mga tipo.

109 Ngayon tingnan natin ang pasimula. Sina Adan at Eba, ay naroon sa presensya ng Diyos para pakinggan ang Kanyang Mensahe sa kanila, nakabalot sa palibot ng kanilang balakang ang balat ng tupa. Ang unang Mensahe na narinig kailanman, ay ibinigay sa ibabaw ng balat ng patay na tupa, na pinatay ng Diyos at ibinalot kina Adan at Eba. Matapos na subukan nilang gumawa ng sarili nilang relihiyon na mga dahon ng igos, siyanga't di ito umubra. Itinalaga ang pag-aalay ng tupa para sa pagbayad ng kasalanan mula noong pinaka simula, ang pag-aalay ng tupa.

110 Ngayon, papatapos na tayo rito ngayon, at ipapakita ko sa inyo kung bakit kinailangan na maging mga pastol; at bakit ganoon, na Siya'y kinailangang maging tupa.

111 Ngayon, ang mga propeta ng Lumang Tipan ay nadadamitan ng mga balat ng tupa (alam natin 'yan, uh-huh), na sumasagisag sa kanilang pananampalataya sa Kanyang Salita ukol sa pagdating ng sakdal na Cordero. Yun ang dahilan sa mga propeta.

112 Ngayon, ang Salita ng Diyos ay di dumarating sa isang teologo, walang . . . siya—siya ang gumugulo pa nga Rito. Ganoon nga. Walang ganyang bagay gaya ng pagsasabi na . . . Sinasabi n'yo, "Aba, teologo ang lalaking ito." Yun nga'y magpapalayo lang sa kanya mula sa Salita kaysa sa anupamang bagay na nalalaman ko. Kita n'yo? Ang Salita ng Panginoong Diyos, ang di-nagbabagong Diyos, ay di kailanman nagbabago. Saanman sa Biblia, ang Salita ng Diyos ay dumarating sa tuwina sa mga propeta. Hindi sa mga teologo o mga doktor, kundi sa mga propeta! At sa tuwina sila, sa lahat ng pagkakataon, ay inaayawan at tinatanggihan.

113 Kadalasan na mga pastol din ang mga propeta. Nagsusuot ang mga propeta ng balat ng tupa, dahil suot-suot nila ang balat ng tupa na kanilang pinapastulan. At ang unang mensahe, sa isang—isang—isang hinatulang henerasyon, ay sa ibabaw ng mga balat ng tupa. Ang mga propeta, haya't sasabihin ko uli, ay nagsusuot ng mga balat ng tupa sa katawan nila, dahil pinapatotoo nila sa pamamagitan nun, na nananampalataya sila na may parating na isang sakdal na Cordero para sa pag-aalay na 'yun. At ang Salita ng Diyos ay dumating sa kanila sa ibabaw ng mga balat ng tupa. Ang mga pastol na ito . . . o ang mga propetang ito ay kadalasan mga pastol. Si Abraham ay isang pastol. Si Isaac ay isang pastol. Si Jacob ay isang pastol. Si Moises ay isang pastol. Si David ay isang pastol. Lahat ng mga kinatawan ng Diyos ay kadalasan mga pastol.

114 Ngayon tutuklasin natin kung bakit dumarating ito sa mga pastol. Alam nila na ang mga tupa'y walang kakayahan kapag wala ang gabay sa kanila ng pastol. Sila . . . ang isang tupa nga'y ganap na walang kakayahan, hindi nito kayang umusad sa sarili nito. Yan ang dahilan kung bakit inihalintulad ng Diyos ang Kanyang nananampalatayang mga anak sa tupa. Kinakailangan nilang mapatnubayan. Pero bantayan n'yo kung ano ang pumapatnubay sa inyo! Huwag kayong magpapahatid sa isang kambing, ihahatid kayo nun patungo sa katayan. Kailanman ay di tayo binigyan ng Diyos ng kambing, ang Kanyang ibinigay sa atin ay ang Kanyang Anak (ang Espiritu Santo) para pumatnubay sa atin. Siya ang ating Patnubay, hindi kung anong gawang-tao na pastol, kundi ibinigay-ng-Diyos na pastol na nagpapakain sa mga tupa ng pagkain ng tupa.

115 Ngayon, kumuha kayo ng isang baboy, tapos sabihin n'yo sa baboy na ito, "Gagawin kitang tupa." At hugasan n'yo siya. At kulayan n'yo ang mga kuko niya sa paa, at—at kung ano pa. At bigyan n'yo siya ng pagkain na gaya sa isang tupa, at bigyan siya

ng kung anong—kung anong pagkain. At ilagay n'yo siya roon sa lapag o sa labas kung saan ang. . . kung saan pinapastol ang—ang mga tupa, sa bukid ng alfalfa o kung ano. At mangyari nga na kung may putikan sa kung saan dun, 'yung baboy na 'yun ay didiretso mismo dun sa putikan sa abot ng makakaya niya. Kita n'yo? Bakit? Dahil ang kalikasan niya ay isang baboy pa rin.

116 At 'yan ang dahilan kung bakit ang mga miyembro ng iglesya, ngayon, ay nagpapakasasa sa mga bagay ng sanlibutan, kita n'yo, dahil nga ang kanilang kalikasan ay di nabago. Kakainin nila ang kung anong uri ng eklesiyastikal, na pang-teolohiyang kanin-baboy, pero ang Salita ng Diyos ay di nila matindigan Ito. Papasok sila roon at pakikinggan ang Salita . . .

117 Alam n'yo, ang pinaka malaking ipokrito sa mundo, ay ang uwak. Sa Biblia, may dalawa noon na pinakawalan mula sa daong. Lumabas ang matandang uwak at di na kailanman bumalik, dahil siya'y isang buwitre, isang kumakain ng patay. Dumapo siya roon sa mga katawan ng patay na mga bangkay at binusog ang tiyan ng patay na mga bangkay. Pero noong pakawalan ang kalapati, hindi maatim ng kalapati ang alingasaw na 'yun, kaya bumalik ito sa bahay ng Ama at kay Noe, at kumatok sa pinto hanggang sa pinapasok siya ni Noe.

118 Ngayon, ang isang uwak ay makapapanatili rito't makakakain ng patay na kabayo, buong araw, at lilipad dun sa bukirin at kakain ng trigo kasama ang kalapati. Pero di kaya ng kalapati na lumipad doon at kainin ang patay na kabayo, at pagkatapos kakain ng butil; mapapatay siya nun. Kita n'yo, ang kalapati kasi'y walang apdo, at di niya 'yun kayang tunawin.

119 At kapag ang alinmang kalapati ng Diyos, alinmang kumakain-ng-Salita na kalapati o tupa, isang malinis na hayop, kapag pupunta ka roon at bibigyan sila ng mga bagay ng sanlibutan, batid nila ang sinabi ng kanilang Panginoon, "Ang umiibig sa sanlibutan o sa mga bagay ng sanlibutan, wala sa kanya ang pag-ibig ng Diyos." Kapag bibigyan n'yo siya ng anumang bagay na laban sa Salita na 'yun ng Diyos, hindi niya ito matatagalan. Pero ang diyablo nga'y matatanggap Yun at ang sanlibutan din, at ang tawag niya sa lahat ng 'yun ay sa Diyos. Hindi n'yo mapaghahalo ang langis at tubig, hindi talaga 'yun maghahalo.

120 Sila, lahat ng mga pastol na ito, alam nila na ang mga tupa'y walang kakayahan kung wala ang pastol. At sila'y mga pastol, at nalalaman na ang tupa ay kinakailangan na mapatnubayan.

121 Kaawa-awa nga na makita natin, sa panahon ngayon, na pilit nilang pinakakain ang tupa, ng kanin-baboy. Anupa't di 'yan kakainin ng tupa. Hindi, po! Kita n'yo, sinusubukan nilang pakainin ang mga tupa, doon, ng kanin-baboy. At noong dumating ang Salita, dahil sa nasanay na sila sa kanin-baboy, hindi nila alam ang Salita. At ganoon ito sa panahon ngayon,

sa panahon na ang siya ring bagay ay pinatotohanan na't pinatunayan na mismo ng Diyos na gagawin ang naturang bagay. Mangyari nga na talagang nasanay na sila sa kanin-baboy, at kanin-baboy ang kinakain, hanggang sa kayo . . . buweno, di nga sila mapangusapan, hindi nila Ito pakikinggan, ganoon nga. Ang aso . . . Ang sabi ng Biblia, "Gaya ng aso na binabalikan ang suka nito, at ang baboy sa kanyang lublubang-putikan, ganoon din sila."

122 Pakikinggan ang Salita, at babalik sa siya ring matandang lubluban! At magsasabi, "Ah, panatisismo lang Yan. Huwag n'yong sampalatayanan ang bagay na gaya n'yan."

123 Ang Diyos . . . ganoon ang ginagawa ng mga tupa sa panahon ngayon, kinakailangan nilang pagkatiwalaan ang pagkaing Salita. Hindi sila dapat kumain ng anupamang ibang pagkain. Hindi n'yo sila maaaring bigyan ng isang eklesiyastikal na pagkain, ang tunay na tupa. Hindi! Hindi! Pupuntahan sila't sasabihin sa kanila, "Ngayon tingnan n'yo, sama-sama tayong lahat dito. Ngayon, ipinanalangin ni Jesus na tayo'y maging 'isa.'" Napakinggan n'yo ang siya ring bagay na 'yun sa Tucson di pa katagalan, mga ilang araw pa lang ang nakararaan, pero kasinungalingan 'yun! Hindi kailanman nanalangin ng ganoon si Jesus . . . Papaano Niya . . . Papaano n'yo maibubunsod ang Salita na kondenahin ang Sarili Nito, na balingan pabalik ang Sarili Nito? Kung ganoon ang Diyos pala'y kung sinong ibang tao lang.

124 Sinabi ni Jesus, "Papaanong ang dalawa ay makalalakad na magkasama maliban na sila'y magkasundo?" Papaano n'yo maibubunsod ang Methodist, Baptist, Presbyterian, at Katoliko, at pagsasama-samahin sila't maging isa? Maaaring nasa ilalim kayo ng pamumuno ng isang tao, pero ang sabi ni Jesus, "Nang sa gayon sila'y maging isa gaya ng—ng *Ako* at *Kayo* ay isa." Ngayon, nais Niyang lahat tayo'y maging isa sa Kanya na siyang Salita! Amen! Hayun nga ito, "Isa sa Ama." At ang Ama ay ang Anak, siyanga't iisa. At ito ang siya ring Salita, ang Salita na nahayag, na ipinapakita ang Sarili Nito sa panahon na ito gaya ng ginawa Nito sa ibang panahon, nang sa gayon ay maging isa kayo.

125 Pansinin, ang sabi Niya, "Gaya ng pagkakasugo sa Akin ng Ama, ay kayo rin ay isinusugo Ko." Ang Ama na nagsugo sa Kanya, ay dumako sa Kanya para patotohanan ang Salita. At ang siya ring Jesus na ipinapadala ang Kanyang mga tao, ay dumadako sa mga tao na Kanyang ipinapadala; at sinasabi, "Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Tunay, nanalangin Siya para tayo'y maging isa; isa sa Kanya, hindi isa sa organisasyon. Hindi isa sa sistema, bagkus isa sa Diyos. Dahil ang Diyos sa Kanyang Salita ay Isa, at si Jesus at ang Diyos ay Isa, at kayo at ako at ang Salita ay kinakailangan na isa. Siyanga. Kinakailangan na may pagkakasundo tayo sa Salita. Hindi sa kung anong sinasabi ng kung sino, walang

pansariling kapaliwanagan. Tanggapin n'yo Ito, ang bagay na sinasabi Nito, at sampalatayanan Ito; at pagtitibayin Ito ng Diyos, at patutunayan na Ito'y tama. Iniisip n'yo marahil na para lang Ito sa mga alagad, siyanga't panghawakan n'yo ang Kanyang Salita, sige't subukan n'yo minsan at masdan. Makikita n'yo na gagana rin ito sa inyo gaya ng Kanyang ipinangako. Siyanga, po!

126 Hindi sila kakain ng kanin-baboy, kinakailangan nilang kumain ng pagkain ng tupa. Sinasabi ng San Juan 10, "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig." At kung Siya ang Salita, kung ganoon anong uri ng Tinig ang mayroon Siya? "Napagkikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig, sa iba ay hindi sila susunod." Kita n'yo? Ang sabi ni Jesus, "Sa ibang tinig ay hindi sila magsisisunod." Kaya, ang Kanyang mga tupa'y di susunod sa tinig ng iba. Hindi sila susunod sa ganoon.

127 Ang mga propeta, mga pastol at mga tupa, ang lahat ay nagpapatotoo ukol sa pagdating.

128 Ngayon tingnan n'yo ang di-nagbababagong Diyos sa Kanyang di-nagbababagong mga plano ukol sa Kanyang Salita sa panahon na ito. Ngayon bulayin n'yo mismo pansumandali: ang di-nagbababagong Salita.

129 Ngayon masdan! Kung—kung si Moises ay dumating dala ang mensahe ni Noe, hindi 'yun uubra. Kung si Juan Bautista'y dumating na ang dala'y mensahe ni Moises haya't di 'yun uubra. Kung si Jesus ay dumating na ang dala'y mensahe ni Moises o ni Noe, hindi 'yun uubra. At kung si Wesley ay dumating na ang dala'y mensahe ni Luther, hindi 'yun uubra. Kung ang Pentecostes ay darating na ang dala'y Wesleyan na mensahe, hindi 'yun uubra; napakinggan natin na pinatotoo 'yan. Ngayon, ang Diyos ay patuloy na umuusad. Masdan n'yo mismo ang Salita, makikita n'yo kung nasaan na tayo.

130 Kung ganoon bakit hindi maaari na ang unang pabatid ng mga pastol. . .Kung ang lahat nitong mga propeta, lahat nitong dakilang kalalakihan ay mga pastol, kung ganoon bakit naman babaguhin ng Diyos (Siya na di-nagbabago) ang Kanyang pamamaraan dito, at dadalhin Ito sa mga teologo? Kinakailangan talaga na mga pastol. Ang pagdating ng sakdal na Cordero, ang handog-dahil-sa-kasalanan, ay kinakailangan mismo na dumating sa pastol.

131 Kilala ng pastol ang kanyang tupa kaysa sa iba pa. Walang mas nakakakilala sa tupa gaya sa isang pastol, siya ay sanay sa bagay na 'yun. Alam niya rin kung anong uri ng pagkain ang kanilang kakainin. Sila. . .alam niya kung anong kakainin ng mga tupa, at kilala niya ang kanyang tupa sa kung ano ang kinakain nila. Ang. . .kapag makakita kayo ng tupa na pupunta dun sa isang kulungang-putik at magsisimulang kumain ng kanin-baboy, masasabi n'yo, "Paalisin n'yo 'yung basurerong-

hayop na 'yan." Kita n'yo? Kaya batid ng Diyos kung saan sila ipapadala.

132 Ngayon banggitin natin ang isa sa dakilang propetang-pastol ni Jehovah, para kumpirmahin na ang Diyos ay nasa mga propetang ito sa ilalim ng balat ng tupa. Masdan n'yo ngayon. Babanggitin nating, una, si Moises. Tingnan natin siya. Ipapakita ng kanyang pagmiministeryo si Jehovah sa Kanyang propetang-pastol. Ngayon, siguro tatalakay lang tayo ng isa, kung may oras pa tayo, marahil itong sumusunod na sampung minuto. Tatalakay tayo ng dalawa, pero marahil itong isang ito ay ayos na.

133 Si Moises; ipinapakita ni Jehovah ang Kanyang Sarili rito, sa propetang-pastol na ito. Binigyan siya ng tatlong kaloob para pagtibayin ang kanyang pagmiministeryo at katawagan sa matatanda ng Israel, at kay Faraon. Ngayon pansinin n'yo ang propetang-pastol na ito, ngayon. Kanyang pinagkakalooban, sa tuwina, ang Kanyang mga propeta, ng sobrenatural na tanda, para patotohanan na ang Diyos nga ang nasa kanila; dahil hindi maaaring naroon ang presensya ng Diyos na walang sobrenatural na mga bagay na nangyayari. Kailanman ay di nagpakita si Jehovah nang walang sobrenatural na paglakip sa Kanya. Kinakailangan nga. Kaya pinagtitibay Niya ang Kanyang Sarili sa tuwina na naroon Siya sa mga propetang ito, sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa bagay na kanilang iprinopropesiya, kung ito'y ayon sa Kanyang Salita.

134 Ngayon, ang unang—ang unang tanda na Kanyang ibinigay sa . . . propetang-pastol na ito (tingnan n'yo), ginawang ahas ang kanyang tungkod.

135 Ang ikalawa, 'yung kamay niya'y naging ketongin.

136 Ikatlo, ang kumuha ng tubig mula sa Ilog Nile sa Egipto, at gawin 'yung dugo.

137 Ngayon, ibinigay ng Diyos ang tatlong tanda na ito sa kanya para patotohanan sa Egipto, at maging sa Israel, na siya ang binigkas na Salita ng Diyos.

138 Ngayon, alalahanin n'yo, tinawag sa paglikha si Moises! Ganoon nga. Pumulot ng buhangin at inihagis sa ere, at nagsabi, "Magkaroon ng mga pulgas," at nagkaroon nga ng mga pulgas. Nagsabi, "Magkaroon ng mga langaw," at nagkaroon nga ng mga langaw. "Magkaroon ng mga palaka," at nagkaroon ng mga palaka. Nagbunsod siya ng paglikha! Ngayon, ang tao'y walang kakayahan na lumikha, pero hindi nga 'yun tao kung tutuusin. Si Jehovah 'yun na nasa Kanyang propetang-pastol! Amen!

139 Masdan! Ang ikatlong tanda na Kanyang ibinigay sa kanya ay walang kinalaman sa kanyang trabaho, ni may kinalaman sa kanyang pagkatao; itong kanyang ikatlong tanda. Pansinin, ang naunang dalawang tanda ay may kinalaman sa kanya, sa sarili niya at sa kanyang trabaho. At ang mga ito ang tanging

dalawang tanda na sinasabi ng Biblia na “may kalakip na tinig.” Yung isang tanda ay walang kalakip na tinig. Pero ’yung dalawang tanda na ibinigay mula sa kanyang sariling pagkatao, at sa kanyang bayan, ay may kalakip na mga tinig. Pero ang ikatlong tanda, ngayon pansinin, ibinigay ’yun . . . ang tanda, ang ikatlong tanda, ay tanda ng kamatayan: ang tubig ay naging dugo. Kung ang iyong—kung ang iyong—kung ang iyong dugo ay magiging tubig, haya’t mamamatay ka nga. At kung saan may dugo, may pagdanak ng dugo, ’yun ay tanda ng kamatayan; kaya ’yun ay kay Faraon. Ang ikatlo ay gawing dugo ang tubig ng Nile, para ipakita—para ipakita ang kanyang Mensahe kay Faraon na ang Diyos ay ang Diyos na nangingibabaw sa Nile, nangingibabaw sa diyus-diyosan ng Nile. Siya’y Diyos sa ibabaw ng lahat na mga bagay, at Siya’y magdadala ng kamatayan sa bansa na ’yun. At ’yun ang tanda ng dugo. Oh, grabe! Direktang tanda ng kamatayan: dugo!

140 Pero ’yung dalawa’y may mga tinig ng propesiya. (Ako—ako—ako nga’y umaasa na nababasa n’yo ngayon, ang nasa pagitan ng mga talata, ukol dito sa bagay na ipinapangusap ko.) Pero ’yung dalawang tanda ay may mga tinig ng propesiya sa Israel tungkol sa hinaharap nila. (Ngayon sa inyo na naroon sa bundok di pa katagalan, noong hinagis sa ere ang bato.)

141 Ngayon, at babaguhin . . . kanyang babaguhin ang kalikasan, para ito’y kumilos para sa kanila. Pansinin n’yo ’yung poste, ’yung ahas, pansinin n’yo ’yung Dagat na Pula, at ’yung bagay na ginawa Niya, hayan nga. Pansinin n’yo ’yung baston ng pastol na gumawa ng paraan para sila makadaan. Yung tungkod na ’yun na nasa kamay ng pastol, ’yun nga’y nilampasan ang bawat katiting na teolohiya at lahat ng mga bagay na sinabi ng mga saserdote, at ’yung tungkod na ’yun ng pastol ay nanguna sa kanila sa bawat imposibleng bagay (sa tao). Noong subukang isipin ni Faraon na ’yung “mga talon ay sumambulat dun sa ibabaw ng mga bundok at pinasambulat ang mga tubig, tapos ’yun ang nagbunsod sa tubig na maging dugo,” pagkatapos nga’y nagpaulan ng apoy ang Diyos mula sa Langit. At nagpaulan Siya ng graniso mula sa langit, at Siya’y—at Siya’y nagpaulan ng kuto sa ibabaw ng lupa, at lahat na.

142 Ano ’yung ginawa Niya? Sa pamamagitan nung tungkod ng pastol, hindi isang—isang pampaaralang libro, hindi sa isang ideya ng teologo, kundi sa isang tungkod ng pastol! Patugaygay na tayo riyan sa kaunting minuto; sa isang tungkod ng pastol, Kanya ’yung nagawa. Hindi sa isang—isang pang-dasal na libro ng denominasyon, kundi sa isang tungkod ng pastol. Tungkod ng pastol na nangunguna sa kanyang mga tupa, na inaalis ang mga hambalang sa daan habang sila’y patungo sa ipinangakong Salita sa lupain. Isa ngang napakagandang bagay ’yan sa panahon ngayon ukol sa Tungkod ng Pastol, sa panahon ngayon, na pinangungunahan ang Kanyang mga tupa patungo sa

Ipinangakong Lupain; na nilalampasan ang lahat na teolohiya at lahat ng iba pang bagay sa mundong ito, at mga bagay ng sanlibutan, at mga denominasyon, ang lahat na; na nagbubukas ng daan, at pinatutunayan ang Kanyang Salita na Katotohanan mismo; ang Tungkod ng Pastol na nangunguna.

143 At pansinin n'yo, ang siya ring tungkod ng pastol na pinangungunahan ang mga tupa. . . Naniniwala ba kayo roon? Tunay na pinangunahan niya ang mga tupa, kanyang inilabas sila mula sa Egipto sa pamamagitan ng tungkod sa kanyang kamay. Marami pa tayong masasabi ukol diyan. Pero para diinan ang pinaka mahalagang bahagi, haya't kanyang pinangunahan ang mga tupa at nagpataw ng hatol sa pagtanggi Rito! Ang siya ring tungkod na naging pagpapala sa isa, ay naging sumpa sa iba. Ang siya ring mga tubig (sa pangangaral ni Noe) na nagligtas sa kanya, ang humatol sa sanlibutan. Ang siya ring tungkod na nanguna sa Israel patungo sa ipinangakong lupain, ay humatol sa kanila na tumangging sumunod sa propetang-pastol. Ganoon nga, naging tungkod ito ng paghatol.

Kalikasan; pansinin n'yo kung paanong nangusap ang Diyos sa Kanyang kalikasan. Kung may oras pa sana tayo. May naisulat akong tala rito: ang Diyos na nangungusap sa Kanyang kalikasan. Wala na nga lang tayong oras para patunayan ito.

144 Pero sa pagpapatunay rito paglaon, sa pamamagitan ng tansong ahas na nakalagay sa bastong pang-tupa ng pastol (na doon nga'y inilingkis niya ang ahas na ito, sa ilang), ipinapangusap nito ang tungkol sa tunay na pambayad para sa sakit at kasalanan.

145 Yung tungkod na 'yun ay naging ahas sa harapan ni Faraon, at ang siya ring Faraon na 'yun ay sumubok manggaya sa pamamagitan ng mga salamangkero. At ganoon din ang ginagawa ng mga modernong Faraon sa panahon ngayon, at ng mga kunwang-mananampalataya, na mga karnal na gumagaya sa Mensahe, sinusubukang gayahin ang siya ring bagay nang walang kaalaman kung saan ito nanggaling; at ikakabit Ito sa kung anong maka-denominasyong bagay, gayong Ito'y malaya mismo mula rito katulad ng hangin na hindi maaaring kulungin. Tunay! Pero sinusubukang gayahin, gumawa ng gaya-gaya.

146 Pero, pansinin, itong siya ring tungkod ng pastol ay kinain ang ibang mga ahas. Nasaan na ang mga ahas na 'yun? Una'y mga tungkod ito diyan sa sahig, at isang tungkod lang ang pinulot. "Ang mga langit at lupa ay lilipas," ang sabi ni Jesus, "pero ang Aking Salita ay hindi lilipas." Pumapatungkol ito sa tunay na pantubos na darating para sa kasalanan.

147 Gayundin, ang hinaharap ng Israel ay inalayan. . . at diyan ako'y nangusap tungkol sa Israel, ngayon sa hinaharap. . . Doon nga'y inalok sa kanila ang paglaya mula sa pagkaalipin sa kamatayan sa pamamagitan ng isang

propetang-pastol. Pinalaya sila sa pagkaalipin sa pamamagitan ng isang propetang-pastol na may hawak na tungkod. Kita n'yo? Ipinapangusap nun ang tungkol sa panghinaharap na Tagapagpalaya ng Israel, mula sa kamatayan at impyerno, sa pamamagitan ng isang Propetang-Pastol na ating ipapangusap.

148 Ngayon, sa lahat na . . . gaya ng buong nalalaman natin ukol sa Israel, hindi nila tinanggap ang Salita ng propetang-pastol na 'yun, hindi Ito tinanggap ng buong Israel. Ngayon, pansinin, sila'y nagrereklamo. "Oh," noong siya'y nagpapamalas pa ng mga himala, "siya'y isang dakilang lalaki," pero pagdating na sa kanyang Mensahe, "iba na 'yan." Lahat ng dakilang mga tanda'y kalakip ang isang bagong mensahe na dumarating. Alam natin 'yan. Doon sa ilang ay nagsireklamo sila, noong naroon na sa ilang, at kaya libo-libo sa kanila ang namatay dun. Kung tutuusin, dadalawa lang sa kanila na pumunta roon ang naligtas mula sa dalawa at kalahating milyon, dadalawa mula sa dalawa at kalahating milyon.

149 Sasabihin n'yo, "Aba . . . Anong nangyari sa kanila?" Sila'y napahamak nang Walang Hanggan.

150 "Lahat ba sila, Kapatid na Branham?" Si Jesus mismo ang nagsabi nun.

151 Ang sabi nila, "Kumain ang aming mga magulang ng Manna sa ilang, at uminom sila mula sa Bato."

152 At Siya . . . ang sabi ni Jesus, "At sila, bawat isa sa kanila'y, namatay," Walang hanggang inihiwalay, kita n'yo, ang bawat isa.

153 Pansinin n'yo noong nagreklamo sila tungkol sa inilaang daan ng Diyos, 'yun ang dahilan kung bakit namatay sila. (Ngayon, makinig maigi, huwag n'yong palampasin ang huling mga ilang punto na ito.) Nagreklamo sila! Ang nagbunsod na mamatay sila sa ilang, nagreklamo sila ukol sa inilaang daan ng Diyos: sa pamamagitan ng isang-taong Mensahe, isang propeta, isang pangunguna ng isang tao. Sabihin n'yo sa akin kung kailan gumamit ang Diyos kahit kailan ng isang grupo para manguna. Wala kayong makikitang ganoon sa Biblia. Isang tao, sila . . . Dumating ang Salita kay Moises!

154 Si Core; alam nating lahat na siya'y—siya'y nagpasyang magsalita at nagreklamo ukol sa Diyos sa pagiging di raw patas, na gagawa ng bagay na tulad nun, na gawing ganun ang isang tao na may dalang Mensahe. Ang sabi niya, "Kaming lahat ay mga banal. Bakit di puwedeng magkaroon kami ng denominasyon? At bakit di kami puwedeng . . . magtayo ng *ganito*, at gawin 'yung *ganito*, at gawin 'yung *ganoon*?"

155 Sinabi ng Diyos kay Moises, "Ihiwalay mo ang iyong sarili mula sa kanya, punong-puno na Ako." At tandaan n'yo, ipinangusap ni Jude ang siya ring bagay, para sa huling mga araw. Siyanga, "Napahamak sila sa pagsalansang ni Core." Alam

nga natin kung anong nangyari kay Core at sa—at sa iba pa na kinuwestiyon ang Salita ng Diyos at ang karunungan ng Diyos ukol sa isang-taong pangunguna: ang bawat isa sa kanila'y napahamak.

156 Ngayon, mapapansin natin ang Diyos sa propetang-pastol, na ipinapakita ang Kanyang panghinaharap na mga plano sa kasunod na tandang tinig. Ngayon, masdan. Nakita natin ito *roon*, ngayon masdan natin ito dun sa kasunod na tanda.

157 Ngayon, pansinin, isinugo siya sa kanyang mga kapatid na mga alipin, na nasa ilalim ng pagkaalipin, na may dalang Mensahe ng pagliligtas, na may binigay-ng-Diyos na tanda para patunayan ang Kanyang mga inaangkin. Tumuon ang Israel sa kanyang Mensahe, pinaniwalaan nila Ito, bawat isa sa kanila, pero noong oras na ng gabi . . . Tumuon sila sa mga himala niya, pero noong oras na ng gabi noong sila . . . kanyang ibigay na ang kanyang Mensahe, "Iba na ito." Lahat ng di naniniwala sa Mensahe na 'yun, ay namatay. Ganoon nga. Ano 'yung Mensahe? Ang Mensahe ay 'yung paparating na paghatol. Noong gabi na, sa oras ng gabi, dumako ang Diyos sa kampamento ng Israel para alamin kung ang bayan ay naniwala ba talaga sa Mensahe ng Kanyang propetang-pastol; at lahat ng di naniwala Rito, ay namatay.

158 Ngayon pansinin, dadako na tayo roon sa Dakilang Pastol sa ilang sandali. Kita n'yo? Pansinin n'yo ang ministeryo ng Dakilang Propetang-Pastol. Tungkol sa Kanyang mga himala, bawat iglesya'y nagbukas at tinanggap Siya. Gusto nilang ang mga maysakit nila'y mapagaling. Nais nilang makagawa ng dakilang mga bagay. Naging sobrang sikat Siya. Pero noong dumating ang gabi, isang araw matapos Niyang gawing alak ang tubig, at nagpakain sa libo-libo, ng tinapay, at nagpamalas ng mga himala, nagsimula Siyang maupo at mangusap sa kanila. At sinabi Niya sa kanila, "Ako at ang Aking Ama ay iisa. Bakit sinasabi ninyo, 'Ipakita sa amin ang Ama'?"

159 "Oh, kapatid! Ginagawa na ng lalaking ito na kapantay siya ng Diyos?" Labis-labis nga 'yun para sa kanilang eklesiyastikal na pag-iisip. Pero 'yun ang Katotohanan, Siya naman talaga! Kita n'yo? Pero noong gawin nila, marami ang hindi na sumunod sa Kanya.

160 Pagkatapos bumaling Siya't nagsabi, "Maliban na kainin n'yo ang Laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang Dugo, ay wala kayong Buhay sa inyong sarili."

161 Ngayon, ano sa palagay n'yo ang iisipin ng isang matalino't, intelektuwal na tao? Nakikinita ko nga ang mga saserdote na pinatuloy Siya sa templo na sila'y sobrang—sobrang nahihiya na—na pinatuloy nila Siya roon. "Ang isipin na isang tao'y tatayo at magsasabi ng bagay na gaya n'yan, 'Maliban na kainin ng mga tao ang Aking Laman, at inumin ang Aking Dugo.'" Sabi,

"Isa itong taong bampira, kita n'yo, 'Kainin ang Aking Laman at inumin. . .' Aba, siya'y isang kanibal. Kayo na mga taong matino ang pag-iisip siyanga't. . .lalayo kayo sa isang baliw na gaya n'yan."

162 Hindi Niya Ito ipinaliwanag, Kanya lamang sinabi Ito! Ginawa Niya ito para katisuran nila, para ihiwalay ang Kanyang mga tupa sa mga kambing. Ginawa Niya 'yun para malito sila. At pagdaka nga'y wala nang magnanais na magkaroon pa ng ugnayan sa Kanya. Ayaw na nila ng anumang pakikipagtaguyod mula noon. Kita n'yo?

163 Pansinin, noong oras ng gabi, nagtungo ang Diyos sa mga kampamento at nakita kung sino ang nanampalataya. At ginawa Niya ang siya ring bagay noong panahon ng Dakilang Pastol. Pansinin n'yo ang pagmiministeryo ng Dakilang Propetang-Pastol, pero pansinin n'yo ito, sa mga nananampalataya sa Kanyang Mensahe, pero hindi. . .Itong panggabing Mensahe, hindi nila Ito masampalatayanan. Hindi nila masampalatayanan na Siya ang Diyos. Nais nilang gawin Siyang isang mainam na tao. Nais nilang gawin Siyang propeta. Isa siyang mainam na tao, at isa Siyang Propeta, pero higit pa Siya roon. Yan ang pangkaraniwang katuruan ngayon, na "Siya'y mainam na tao lang, siya'y isang propeta." Siya nga'y walang iba't ang Emmanuel mismo! Siya ay Diyos na nahayag kay Jesus Cristo na Kanyang Anak, na pinagiging Siya at ang Ama na isa. Siya nga'y wala ngang iba't 'yun mismo.

164 Ang Zacarias 14:7, marahil banggitin ko ito, ay nangungusap ukol sa panggabing Mga Liwanag at Mensahe muli sa huling panahon. Napansin n'yo ba 'yun? Katulad ng marami na sumunod kay Moises, nakita ang Haliging Apoy na napagkilala siya sa Bundok ng Sinai. Siya'y nagpatotoo, at ipinangusap ang Haliging Apoy na ito na naroon sa palumpon at sinabi sa kanya ang Mensaheng ito, marami sa kanila ang di makapaniwala Rito. Pero kung papaanong marami ang sumunod sa kanya palabas ng Egipto (lumabas sa mundo at tinawid ang dagat ng paghihiwalay, at nagtungo sa ilang), nakita ang siya ring Haliging Apoy (na kanyang ipinangusap) na pinagtitibay ang propetang-pastol na 'yun na siyang pastol ng tupa. Nakita nila Ito, at marami sa kanila ang di pa rin Ito sinampalatayanan matapos na makita nila Ito.

165 Pansinin n'yo kung paano, muli, na ang di-nagbabagong Diyos, ang Dakilang Propetang-Pastol, ay dinala sila na nanatili sa Kanya at sa Kanyang pagmiministeryo doon sa Bundok ng Olivo; ang Dakilang Propetang-Pastol, ang Isa na pinag-uusapan natin, si Jesus. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . .?. . .at narinig ang Ama (ang siya ring Haliging Apoy) na pinatotohanan Siya, na pinatotohanan si Moises.

166 Ang siya ring Diyos na ipinangusap ni Moises, ay dumating kay Moises at pinatunayan sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy na Siya si Jehovah na nangunguna kay Moises. Ang Diyos ay nasa Kanyang propetang-pastol.

167 Dito ay kinuha Niya ang isa pang Propetang-Pastol, ang Dakilang Propeta, ang Tunay na Tupa, si Jesus, at isinama ang piling tatlong lalaki, at dinala sila sa ibabaw ng Bundok ng Olivo, at doon ay pinatotohanan si Jesus. At mangyaring ibinukod ang Kanyang Sarili mula sa lahat na mga tao, na sinasabi, "Ito ang Aking sinisintang Anak, pakinggan n'yo Siya!" At noong tumingin sila, wala silang nakita na sinuman kundi si Jesus lang. Ganoon nga. Siya ang Isa na 'yun. Ngayon, tapos na diyan, kung ako ang tatanungin. Kita n'yo?

168 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . ? . . . [Blangkong bahagi sa teyp.] . . . ? . . . mukha. Si Moises ay nasa presensya noon ng Shekinah sa ibabaw ng Bundok ng Sinai. Binago Nito ang mukha niya. Noong bumaba siya, kinailangan niya na—na maglagay ng lambong sa ibabaw ng kanyang mukha, ang propetang-pastol na si Moises; na pinanahanan ni Jehovah, sa isang bahagi, kaunting bahagi, sa kanyang mukha. Dala niya ang Salita sa kanyang bibig.

169 Pero pansinin n'yo noong ang Dakilang Pastol ay nasa presensya ng Shekinah. Ano ang ibinunsod nun? Binago nun ang buo Niyang mukha. Hindi Siya bahagi lang ng Diyos, Siya'y buong Diyos! Siya si Emmanuel.

Bakit kinakailangan na maging mga pastol?

170 Tingnan n'yo! Tingnan n'yo, ngayon, ang Diyos na Pinakamakapangyarihan sa lahat ay inilalabas . . . inilalarawan ang Kanyang Sarili, ang ibig kong sabihin, kay Moises na propetang-pastol. Masdan n'yo kung papaanong ipinakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili. (Ito na po ang huli kong punto.) Tingnan n'yo siya, nakatayo na pinahiran sa presensya ng Haliging Apoy! Walang iba sa ibabaw ng bundok kundi si Moises lang at si Jehovah. Amen! Ang ibig sabihin ng *Amen* ay "siya nawa."

171 Masdan! "Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong dibdib!" Pero, masdan n'yo itong ikalawang tanda ngayon na may kalakip na tinig. "Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong dibdib." Wala tayong rason para isipin na si Moises ay kaliwete, kaya malamang ay kanang kamay ang ipinasok niya sa kanyang dibdib, dahil karamihan sa mga tao ay kanan ang ginagamit. Ipinasok niya ang kanan niyang kamay . . . Ngayon masdan! Isa ngang magandang larawan ito, na si Jehovah ay nakay Moises na propetang-pastol! Si Moises na kinakatawan ang Diyos, dahil ang Diyos ay nakay Moises. Masdan n'yo noong ipasok niya ang kanyang . . . "Kamay sa iyong dibdib." Grabeng tanda!

172 Ngayon, nakatayo siya roon, na nakalagay ang kanyang kanang kamay sa ibabaw ng kanyang puso (nakatayo nang *paganito*) kung saan ang mga nakatagong lihim ng pagkatubos ay natago mula ng itatag ang mundo. Heto ang dahilan kung bakit nga mga pastol. Si Jesus ay ang kanang kamay ng Diyos, alam natin lahat 'yan. Hayun si Moises noon na inilalarawan Siya nang eksakto. Hawak niya ang mga lihim ng Ama, at ipinakita ang mga ito sa atin. Pansinin, pansinin n'yo noong hatakin niya mula sa kanyang dibdib ang kanyang kanang kamay na malubhang dinapuan ng nakamamatay na ketong. Ipinakita kung ano ang gagawin ng Diyos sa Kanyang Kanang Kamay. Pansinin, ang ketong nga'y walang lunas. Pansinin, uli, hindi 'yun basta pangkaraniwang ketong, 'yun nga'y nasa huling yugto nito, haya't puti na gaya ng niyebe; ang kamay niya'y malubhang dinapuan ng kakila-kilabot na bagay. Grabe marahil ang naramdaman ni Moises noong hugutin niya ang kanan niyang kamay mula sa ibabaw ng kanyang puso, mula sa kanyang dibdib, at ang kanyang kamay ay malubhang dinapuan ng ketong! Ang ketong ay sumisimbolo sa kasalanan, walang lunas, at lalo na sa huli nitong yugto.

173 At, kapatid, diyan nakalugmok ang sanlibutan noong hugutin ng Diyos ang Kanan Niyang Kamay mula sa Kanyang dibdib! Ang sanlibutan ay malubhang dinapuan ng nakamamatay na ketong, at walang lunas dito na anuman. Ganoon din ito sa gabing ito, dahil ayaw nilang tanggapin ang lunas. Ang lunas ay ginawa roon sa Kalbaryo, pero ang nais tanggapin ng mga tao'y gawang-tao na reseta sa halip na reseta ng Diyos para sa kasalanan.

174 Pansinin hindi 'yun unti-unting sumulpot, gaya ng unti-unting paglubha ng ketong, bagkus biglaan! Noong hugutin niya ang kanyang kamay, malubhang dinapuan 'yun, punung-puno mismo ng ketong. Pansinin n'yo kung anong sinabi ng Diyos, "Ngayon, hindi kayo unti-unting maaanod sa kasalanan; bagkus sa araw na kainin ninyo yaon, ay ang araw na kayo'y mamamatay." At ganoon nga, "Sa araw na kainin ninyo yaon."

175 Pansinin, ang propetang-pastol ang malubhang humagupit sa kanyang sarili. Kinuha niya, sa pamamagitan ng utos ng Diyos, at inilagay ang kanyang sariling kamay sa kanyang dibdib, at hinugot 'yun na malubhang dinapuan na ng ketong. Ginawa 'yun mismo ng propetang-pastol. At ang Dakilang Propetang-Pastol, si Jesus, ay ginawa Niya 'yun Mismo, "Kusa Kong ibinibigay ang buhay Ko, walang makaaalis nito sa Akin." Siya ang Dakilang Pastol, ang Dakilang Propetang-Pastol, "Walang makaaalis nito mula sa Akin, kusa Ko itong ginagawa sa Sarili Ko." Pansinin na hindi ito unti-unting dumating, dumating mismo sa isang iglap. Ang Dakilang Pastol, Mismo, ay kinuha ang ating pagkakasala at lubhang hinagupit ang

Kanyang Sarili, kinuha ang ating mga pagkakasala at inilagay ito sa Kanyang Sarili. Walang duda na naisulat ng makata:

Mga bato'y nahati't nagdilim ang mga langit,
Tagapagligtas ko'y ulo Niya'y inilaylay at namatay;
Ang tabing na nabuksan ipinakita nito ang Daan
Patungo sa kagalakan ng Kalangitan at araw na wala na ngang kawakasan.

176 Ang lihim na 'yun ay naroon sa dibdib ng Diyos sa lahat na mga taon na ito, na ikinubli ng Kanyang kanang kamay, si Jesus. Inako ng Dakilang Pastol sa Kanyang Sarili ang ating pagkakasala para sa atin. Isaias 53:6, ang sabi, "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang. Siya'y nabugbuog dahil sa ating kasamaan. Ang parusa ukol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya. At sa Kanyang mga latay ay tayo'y gumaling." Ang lihim ng pagpapagaling ng Diyos ay naroon sa dibdib ni Jesus Cristo, o ng Diyos, Siya ay nasa kanan ng Diyos, na 'yun ang tanging Tupa na ikinubli sa Kanyang dibdib ang lihim. Yan ang dahilan kung bakit ang paunang pagpapaaninag Nito ay kinakailangan na isang tupa sa tuwina! Ang una ay isang tupa, ang huli nga'y isang Tupa pa rin. Yan ang dahilan kung bakit Ito'y kailangan dumako sa isang pastol, para may kaalaman kung paano alagaan ang kanyang Tupa. Nakukuha n'yo ba Ito? Pansinin, "Siya'y sinugatan dahil sa ating pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan, ang parusa ukol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya."

177 Pansinin, dumating nga ito nang dali-dali; at umalis din nang dali-dali, hindi nagtagal hinugot na rin ang kanang kamay mula sa dibdib sa ikalawang beses. Nawala ang nakamamatay na sakit, noong kanyang hugutin ito noong ikalawang beses. At noong ang Dakilang Pastol, ang Propetang-Tupa, noong sabihin Niya . . . Doon sa krus ng Kalbaryo, noong Kanyang bayaran ang parusa sa kasalanan para sa ating lahat, ang sabi Niya, "Tapos na." Tapos na ang kasalanan, ang parusa ay nabayaran na, ang mga pagkakautang ay naayos na! Hindi inabot ng isang taon, o tumugaygay pa hanggang sa dumating ang panahon ng kung sinong repormador o kung ano, doon mismo'y natapos ito!

178 Dumating sa isang iglap ang kasalanan, sa pamamagitan ng pagsuway sa Utos ng Diyos, dahil sa pagbali sa isang Salita. Ngayong gabi, mga kapatid, ang inyong kaluluwa ay nasa ibabaw ng impyerno sa isang kadena. At ang kadena na 'yun ay hindi kung anong pang-teolohiyang katuruan sa seminaryo, ang kadena na 'yun ay hindi kung anong denominasyon o kung anong kredo na inyong ipinapamuhay, ang kadena na 'yun ay ang Salita ng Diyos! Ibinigay ni Jesus sa sangkatauhan ang Kanyang Salita para ipamuhay, at isang maliit na dugtungan lamang Nito ang binali ni Eba. At ang . . . anumang kadena ay

kasing tibay lamang ng pinaka mahina nitong dugtungan. Kapag aalisin n'yo ang isang Salita . . . Yan nga'y simula ng Aklat.

Dumating si Jesus sa kalagitnaan ng Aklat, at nagsabi, "Ang tao ay di mabubuhay sa tinapay lamang, bagkus sa bawat Salita na lumalabas mula sa bibig ng Diyos." Yun ang kalagitnaan ng Aklat.

Ang dulo ng Aklat, ang sabi Niya, "Sinuman ang mag-alis ng isang Salita (mamali ng salin ng isang Salita), mag-aalis ng isang Salita mula Rito, Aking aalisin ang bahagi niya mula sa Aklat ng Buhay." Tumatawid nga kayo sa ibabaw ng impyerno, nakabitin sa Salita ng Diyos. Huwag n'yong hayaan na may magsisingit ng anumang bagay sa inyo na hindi GANITO ANG SABI NG PANGINOON!

179 Oh, nakikinita ko . . . Buweno, sasabihin nila, "Tunay, lahat ay ginawa namin. Lahat ng ginawa namin!" Yan marahil ang iniisip ng mga punong saserdote at sila noong panahon ng Dakilang Pastol. Yun ang nasa isip noon ni Eba. Yun ang bagay na sinabi sa kanya ni Satanas, "Tunay na hindi gagawin ng Diyos." Pero ginawa nga Niya, dahil sinabi Niya na gagawin Niya. At 'yan ang dahilan na Kanyang gagawin ito uli ngayon.

180 Di nakapagtataka, gaya ng sinabi Niya, "Gaya noong mga araw ni Noe, kung saan walong kaluluwa ang naligtas, sa pamamagitan ng tubig, ay gayundin sa pagdating ng Anak ng tao." Kita n'yo, kakaunti mismo, "Sapagkat makipot ang pintuan, at makitid ang daan patungo sa Buhay, at kakaunti ang makasusumpong Nito." Ganoon nga. "Dahil malapad ang daan patungo sa pagkapahamak, marami ang doo'y mapapasok."

181 Noong hagupitin ang Dakilang Pastol, ang Dakilang Propetang-Tupa, noong Siya'y hagupitin doon, ang sabi Niya, "Tapos na!" At noong sandali na 'yun, sa mismong sandali na hinagupit ang Pastol na ito, at natapos nga. Natapos ang kasalanan, wala nang kasalanan. Sila'y naging malinis, ang parusa ay nabayaran na. Ang mga mananampalataya na ang kanilang mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay, na itinalaga mula noong itatag ang mundo, haya't natapos mismo sa pinaka minuto na sinabi ni Jesus na ito'y tapos na. Siya, na Dakilang Pastol, ay dumating para sa Kanyang mga tupa. Tapos na, ang kanang kamay ng Diyos ay hinugot na mula sa Kanyang dibdib, hinagupit. Pagkatapos noong Pagkabuhay ay Kanyang ipinanumbalik ito (amen), ibinalik ito sa Kanyang dibdib, at iniabot ito sa inyo at sa akin, sa anyo ng Kanyang Salita, para tubusin tayo pabalik sa orihinal na halamanan kung saan tayo'y inagaw noon ng kasalanan. Ang natatagong lihim ng Kanyang dakilang puso ay inihayag ng isang Propetang-Pastol. Inihayag ito ng isang Pastol, Propetang-Pastol.

182 Di nakapagtataka na nagsilundagan ang mga bundok at sumigaw noong araw na 'yun. Hindi nakapagtataka na itinago

ng araw ang mukha nito at humiyaw sa kagalakan. Hindi nakapagtataka na kumawala ang buong kalikasan; inuga ng hangin ang mga puno hanggang sa sila'y umuga nang umuga, at magalak, at lumundag. Nakita nila ang Propetang-Pastol, sa bundok, na tinutubos ang bawat pangalan na naroon sa Aklat ng Buhay. At nakita nila na ang sarili nilang kalikasan ay natubos! Sumigaw sila, at lumundag. At ang mundo'y nilindol. At nahapak ang mga bundok, at nagsigulungan ang mga bato. At lumubog ang araw. At—at nangyari ang kung anu-anong lahat na bagay. Gaya ng anumang pagtitipon, kapag inihahayag sa inyo ng Pastol na "tapos na!" Doon . . .

183 Nakakakita ako ng mga nagtatalunan, at nilulukuban ng galak, pero walang nasasaktan. Umalingawngaw ang mga bundok, at sila . . . lumubog ang araw, at nangyari ang kung anu-anong bagay, pero walang nasaktan. At nakakita ako ng mga pagtitipon kung saan ang kapangyarihan ng Diyos ay nahayag sa mga tao na sila'y "pinalaya mula sa mundo't mga bagay ng sanlibutan," at ang kagalakan ng Panginoon ay pumuno sa kongregasyon. Sila'y tumayo at sumigaw, at umiyak, at sumigaw nang ubod nang lakas, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Wala pa akong nakita na anuman na wala sa kaayusan, lagi silang nasa kaayusan; dahil napagkilala nila 'yun, na ang kanilang pangalan ay nasulat sa Aklat ng Cordero ng Buhay bago pa itatag ang mundo. Dinala sa kanila ng dakilang Propetang-Pastol ang Mensahe, at pinalaya sila, ng Propetang-Pastol. Kahit na ano pa ang pinagsasabi ng mga eklesiyastikal na grupo tungkol Dito, alam nila kung anong nangyari. Katulad nga nila na mga pastol noong panahon na 'yun doon, alam nila kung ano ang nangyari.

184 Walang tao ang may karapatan na dumako sa banal na pulpito para ipangaral ang Salita hanggang sa gawin niya ang ginawa ni Moises, katagpuin ang Diyos, mismo, sa mga dako kung saan walang teologo ang palihis na makakapagpaliwanag Dito. Naroon si Moises! Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng mga mensahero ng Israel, "oh, kalokohan 'yan, imahinasyon mo lang na nakita mo 'yung ganito; kalokohan 'yan," hindi n'yo Yun maiwawaglit mula sa kanya, alam niya! Naroon mismo siya! Sa kanya ipinangyari ang bagay na 'yun! At walang tao sa pamamagitan ng—ng digring teolohiya o kung anong digri ng pagkadoktor ang may karapatan sa likod ng pulpito, para ariing dala ang Mensahe ni Jesus Cristo, hanggang sa makatagpo niya muna ang Diyos nang mukhaan sa Haliging Apoy. Wala siyang karapatan para tawagin ang kanyang sarili na isang mensahero, dahil ang lahat na mga teologo sa mundo'y di Yun maiwawaglit mula sa inyo ng kahit anong paliwanag. Nangyari kasi 'yun sa'yo! Naroon ka, alam mo ang tungkol Dito. Di alintana kung ano man ang sabi-sabihin ng iba, o gaano man nilang ipagpilitan, "lipas na ang mga araw na 'yun, hindi na ganyan," sa'yo . . . nangyari ito sa'yo, at 'yun ay batay sa Salita.

185 Siyanga, 'yan ang dahilan kung bakit batid ni Moises na ang Tinig na ito na nangusap sa kanya, ay isang Salitang Tinig. Alam niya na sinabi ng Diyos kay Abraham, "Mangingibang-bayan ang iyong binhi nang apatnaraang taon, pero palalayain Ko sila." At alam niya na ang apatnaraang taon na 'yun ay tapos na at siya'y tinawag para gawin 'yun.

186 Kalalakihan at mga kababaihan, ang Diyos ay nangako para sa huling mga araw na ito na Kanyang ibubuhos ang Kanyang Espiritu sa lahat na laman. Kanyang ipinangako na Kanyang ipapadala ang Bautismo ng Espiritu Santo, at tatawag Siya ng Nobya na walang mantsa o kulubot. Nangako Siya na gagawin ito, kaya Kanyang gagawin ito. Huwag kayong makinig sa mga upahang pastol na ito, ililigaw nila kayo. Ang Espiritu Santo ang Pastol na magpapakain sa inyo ng pagkain ng tupa mula sa Salitang ito. Dumarating Ito sa tuwina sa pamamagitan ng Pastol. Siya ang ating Pastol. Pakinggan n'yo Siya, kayo ay mga tupa ng Kanyang kawan; kung kayo nga, makinig kayo sa Kanyang Tinig. Hindi sa kung ano ang sinasabi ng iba, pinapakinggan n'yo ang bagay na sinasabi Niya. Sa isang di-kilalang tinig, wala kayong bagay na nalalaman ukol dun.

187 Oh, grabe, pakinggan n'yo ang makapangyarihang propetang-pastol muli, na ipinapaliwanag at nagpapakilala sa kanila, si Juan (noong tumayo siya sa ilog ng Jordan), tingnan n'yo ang sinabi niya (habang nakatayo roon, na nangangaral), ang sabi niya, "Parating na ang oras . . . "

188 Pansinin n'yo, si Juan ay anak ng saserdote. Sa tuwina'y nakasunod sila sa—sa yapak ng kanilang tatay, sa ganoon natin nakuha ang mga pangalan natin. Anuman 'yun na kagawian nila, ganoon ang ipinapangalan nila sa kanila. At si Juan ay dapat maging saserdote katulad ng kanyang tatay.

189 At, alam n'yo, ang kanyang nanay, noong siya'y nagbubuntis, matapos na katagpuin ng Anghel ng Panginoon ang tatay ni Juan na si Zacarias, at umuwi kay Elisabet, at anim na buwan na siyang . . . magiging nanay. Pero wala pa siyang dinadalang buhay, natatakot siya dahil hindi gumagalaw ang bata. Hindi 'yun normal.

190 At ang Espiritu Santo, ang Anghel ng Panginoon ay nagpakita kay Maria, at sinabi sa kanya na siya'y "magkakaroon ng sanggol, nang di sumisiping sa lalaki," at sinabi sa kanya ang tungkol sa kondisyon ni Elisabet.

191 Nagtungo siya sa mga burol ng Judea, para magsabi kay Elisabet. At noong makita niya si Elisabet, sinabi niya sa kanya na siya'y "magiging nanay na." At di niya 'yun maunawaan, "na hindi sumisiping sa lalaki." Pero ang sabi niya, "Nililiman ako ng Espiritu Santo, at sinabi na ang Banal na bagay na ito na ipapanganak ko ay tatawagin na 'Anak ng Diyos,' at tatawagin ko Siya sa Pangalan na 'Jesus.'" At ang unang beses na ang

pangalang Jesus ay nabigkas ng labi ng tao, isang patay na munting sanggol, sa sinapupunan ng nanay nito, ang lumundag sa galak at napasigaw; at lumundag sa sinapupunan ng isang nanay, at hindi pa ito nakatatanggap ng buhay noon.

192 Ang Pangalan na Jesus Cristo'y bumigkas ng buhay sa patay na sanggol. Ano pa kaya ang gagawin Nito sa isang iglesya na nag-aangkin na naipanganak nang muli?

193 At nauupo lang tayo na kasing asim nung mga umbok ng isang pipino, at hinahayaan lang magpatuloy ang ganoong mga bagay. At takot na tumayo at ipatotoo ang inyong pananalig, at kondenahin ang lahat na walang kabuluhan na ito, at ibunsod si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pasko na, alisin n'yo na itong mga Santa Claus at ganoong mga bagay, iwaksi na ang mga walang kabuluhang bagay na 'yun ng pagkokomersyo. Saan n'yo mababasa ang tungkol kay Santa Claus sa Biblia? Romanong mitolohiya ito, walang ganoon, walang ganoong bagay. Huwag n'yong turuan ang inyong mga anak ng walang kabuluhang bagay gaya nun. Dahil darating ang araw na kapag sasabihin n'yo na sa kanya na ang lahat ng 'yun ay isang bulag na katha, kung ganoon ay nagsinungaling kayo sa inyong anak. At mababahiran ang patotoo n'yo ukol kay Jesus Cristo, sa pagsasabi niya, "Marahil ganoon din Ito." Ibalik n'yo si Jesus Cristo na propetang-Pastol sa Pasko kung saan Ito nabibilang.

194 Ngayon, pansinin n'yo ang propetang ito, si Juan, sa pagkakatayo niya roon. Alam nating lahat na siya ay isang dakilang propetang-pastol. Ngayon, dala niya ang isang mensahe, batid ng Anghel na kanyang ipapakilala si Jesus.

195 Ngayon, di nga uubra kung napunta siya sa kung anong seminaryo. Sasabihin kasi nila, "Ngayon, alam mo ba si Doktor *Ganito-at-ganoon* ay yaong lalaki na papalit sa puwesto na 'yan ngayon. Ipapakilala mo siya. At alam mo 'yan sa ano pa lang . . . " Kita n'yo, hindi kasi siya maaaring mahaluan ng tao.

196 Sa edad na siyam na taong gulang, sinaysay sa atin, nagtungo siya sa ilang para maghanda sa harap ng Diyos. Doon nanggagaling ang mga pastol. Pansinin n'yo ang mensahe niya ay di katulad sa teologo, na may bantog, na matataas na pananalita na kung anong antas. Ang pananalita niya, "Oh, kayo na salinlahi ng mga ahas." Sinasabihan ang mga lalaki ng relihiyon, "Kayo na sanbunton na mga ahas." Ganoon 'yung bagay na nakita niya sa ilang, nakita niya ang ahas. Ang pinakamababang bagay na nasumpungan niya ay ahas, at ganoon ang itinawag niya sa kanila na mga saserdote at mga ministro at mga teologo noong panahon na 'yun, "Sanbunton na mga ahas!" Sabi, "Sino ang nagbabala sa inyo mula sa galit na parating? Huwag n'yong panimulang sabihin, 'Kasapi kami sa *ganito*, at kasapi kami sa *ganoon*,' dahil sinasabi ko sa inyo na ang Diyos ay may

kakayahan sa mga batong ito na magbangon ng mga anak kay Abraham." Mga bato, mga bagay na nakita niya roon sa ilang. "Gayundin, ang palakol ay nakaumang na sa ugat ng puno." Ganoon 'yung mga bagay na nakikita niya: mga ahas, mga puno, ilang. At, kita n'yo, 'yun ang mensahe niya. Wala siyang kaalam-alam tungkol sa bantog na matatas na pananalita ng kung sinong kilalang doktor ng dibinidad (na kayang ipaliwanag Ito nang pawaglit), nangaral lamang siya sa linya ng kalikasan.

197 Yan ang bagay na ipinapakita natin dito: ang tungkod ng pastol, ang pastol, ang tupa, ang linya ng kalikasan.

198 Ano ang ginawa niya? May dakilang bagay siya na gagampanan, siya ang makakakilala sa Mesiyas. Ang sabi niya, "Sinasabi ko, 'Siya'y nakatayo rito sa kalagitnaan n'yo ngayon. At hindi n'yo Siya nakikilala, dahil nakatali na kayong masyado sa inyong teolohiya, hindi n'yo alam kung nasaan na kayo.'"

199 Isang araw lumakad dun si Jesus, ang sabi niya, "Narito, dumarating ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Ang Cordero! Hallelujah! Ang tunay na Pambayad sa kasalanan! Hayung dumarating na ang pinaaninag ng bawat tupa mula pa sa halaman ng Eden, isang ordinaryong Lalaki na pasulong dun sa ilog.

200 Sabi nila, "Juan, paano mo Ito napagkilala? Wala naman akong nakikitang bagay na kakaiba."

201 "Subalit nagpapatotoo ako, nakita ko ang Espiritu ng Diyos na bumababa gaya sa isang kalapati, at isang Tinig ang nagsasabi, 'Ito ang sinisinta Kong Anak na sa Kanya ay Ako'y lubos na nalulugod tumahan.'"

202 Masdan ang Kalapati at ang Cordero. Kita n'yo? Siyanga. Ano kaya kung isang . . . ano kaya kung iba . . . Ano kaya kung isang asong-lobo ang nakatayo roon? Buweno, ang Cordero na 'yun ay di maaaring dumapo . . . o 'yung Kalapati . . . Isinisimbolo ng Diyos ang Kanyang Sarili sa isang kalapati, ang pinaka maamo sa lahat na mga ibon sa langit; ang Kanyang Anak naman sa pamamagitan ng isang tupa, ang pinaka maamo sa lahat na mga hayop sa lupa. Kita n'yo, isang malinis na ibon ng langit, hindi isang uwak; hindi isang buwitre, kundi isang kalapati. Hindi isang baboy, kundi isang kordero. Alinmang ibang kalikasan ay di maglalakip na magkasama.

203 At pansinin n'yo noong ang Kalapati ay lumukob sa Cordero, pinangunahan Siya Nito. Hindi sa daan sa ganang Kanya, kundi sa daan na pangungunahan Siya ng Ama. Ganyan ang isang tunay na kordero sa panahon ngayon. Oh mga tupa ng panahon-ng-Kapaskuhan, hindi n'yo ba nalalaman na ang Diyos ay nangunguna lamang sa pamamagitan ng Kanyang Salita? Yun ang Kanyang tungkod.

204 Pansinin n'yo na walang nangyari sana, pero nagsalita si Juan, "Ang iba sa kanila'y di Ito nakikita, pero ako'y sumasaksi,

'Nakita ko Ito.'" Ipinapakilala: "Narito, ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan."

205 Maaari ko nang ipakilala ang Pamaskong Mensahe ko, at habang ako'y patapos na ngayon: "Si Jesus Cristo, ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Haya't siya ring Cordero. Siya'y Cordero kung papaano Siya noon. Siya nga'y ganito rito kung papaano Siya roon noon, dahil ang Kanyang Salita ay pareho. "Saanman na dalawa o tatlo ang nagkakatipon sa Aking Pangalan, naroon Ako sa kalagitnaan nila." Yun mismo ang sinabi Niya. Hindi Siya nagbabago, Siya ang Diyos na Salita. Hindi Siya kailanman nagbabago; nagbibigay pa rin sa Kanyang mga tupa, at pinakakakain sila sa pamamagitan ng Propetang-Pastol, ng Kanyang pagkain para sa tupa unang-una. Hindi sa mga teologo; sa Kanyang mga tupa.

206 Hindi nila . . . Papaanong makakain ng iba Ito. Anupa't ang matatalino . . . Pansinin n'yo ito! Anupa't ang matatalino at mga intelektuwal, mga pinagsanay sa mundo, ay may pagmimithi pa rin na sabihing may Santa Claus. At lahat ng uri ng katha't mga bagay na sinasamba nila, dahil ayaw nila Siyang tanggapin, ang Salita; dahil sa mga denominasyon nila, hindi Ito umaangkop sa panlasa nila, na mga upahang pastol sa panahon ngayon. Mga upahan mula sa kredo, na nais nilang ipagkaisa kayo sa ilalim ng isang kambing, huwag n'yo itong paniwalaan! Pangungunahan kayo nito tungo sa katayan. Pakinggan n'yo ang Dakilang Pastol na ipinanganak labingsiyam-na-raang taon ang nakararaan, sa buwan na ito. Noong panahon na 'yun sa dako roon, sa Kanyang Mensahe, lumabas ang tunay na mga pastol na batid kung paano mag-alaga ng tupa.

207 Pansinin, minimithi pa rin nila. Hindi nila Ito tatanggapin ngayon, gaya noon na hindi nila tinanggap, dahil hindi ito angkop sa eklesiyastikal na panlasa nila. Binaluktot nila ang Salita na 'yun at inangkop sa kanilang organisasyon, at di nila ipinapangaral ang Salita. Hindi nga! Sinasabi nila, "Buweno, 'yan ay para lang noon sa panahon ng mga alagad. Hindi *ganito* ang ibig sabihin n'yan." Ang ibig sabihin nga nito'y 'yun mismo sa sinasabi Nito, hindi Nito kailangan ng kung sino para . . . ? . . . ipaliwanag Ito para sa kanila.

208 Ngayon iyuko na natin sa oras na ito ang ating mga ulo at mga puso sa alabok ng lupa, at dagling tumungo sa isang sabsaban, para makita at matanggap ang Liwanag na dala-dala ng Salitang ito sa pamamagitan ng Pastol: ang Dakilang Propetang-Pastol, si Jesus Cristo na Anak ng Diyos. Napahaba ang pangungusap ko sa inyo. Hindi ko marahil kayang ayusin ang pananalita ko gaya ng nagagawa ng isang ministro, hindi ko sinusubukang gawin 'yun. Nagsisikap ako na ipangusap Ito gaya ng pagkakabigay Niya sa akin Nito.

209 Pero, nakita n'yo kung bakit dapat mga pastol? Ang iba kasi'y labis na pinagsanay sa ibang kaisipan hanggang sa di nila Ito matanggap. At sa panahon ngayon nariyan na ang lahat na uri ng mga tagapangasiwa, mga lalaki ng distrito, mga obispo, mga pari, mga kardinal, mga papa, lahat sa sanlibutan, na sinusubukang pangunahan tayo. Pero ibinigay sa atin ng Diyos ang isang Pastol, at ang Pastol na 'yun ay ang Espiritu Santo.

210 Pakinggan n'yo ako ngayon. "Kapag Siya . . ." (hindi isang kaisipan, ang *Siya* ay isang panghalip panao) "Kapag Siya ang Espiritu Santo ay dumating (ang Espiritu ng Katotohanan), ihahayag Niya ang mga bagay na ito sa inyo na Aking ipinangusap noon sa inyo, at ipapakita sa inyo ang mga bagay na darating." Yun ang Dakilang Pastol, Yun ang Pastol na iniwan ni Jesus. At sinulat ng Espiritu Santo ang Biblia, sinabi 'yan mismo ng Biblia, "Mga matatandang lalaki, na pinakilos ng Espiritu Santo'y, isinulat ang Salita." Ngayon, papaanong hahatakin kayo ng Espiritu Santo patungo sa isang kredo? Maaari ba 'yun na hahatakin—hahatakin kayo Nito sa isang bagay na di naman sinasabi ng Salitang ito? Aba, napaka imposible naman nun. Magiging sinungaling ang Espiritu Santo kung sabihin Niya na "*Ganito* ang dapat n'yong gawin," at pagkatapos babaling at magsasabi, "Hindi, mali pala Yun, at gawin n'yo kung ano ang sinasabi ng iglesya."

211 Ngayon, kung nakikinig kayo sa isang bagay, na may iba na humahatak sa inyo palayo sa totoo't, tunay na Pastol na mangunguna sa inyo patungo sa Salita, ang Espiritu Santo, at wala pa kayo nung karanasan, at wala pang pagsaksi ng Espiritu Santo sa inyong buhay, na walang . . .

212 Ang Diyos ay Isa. Ang Diyos ang tanging isa na may Buhay na Walang Hanggan, at Siya ang Buhay na Walang Hanggan. At anumang bagay na may pasimula ay may wakas. At kung miyembro lang kayo ng isang simbahan, may pasimula 'yan. Pero ang Salita ng Diyos ay walang pasimula, ang Diyos ay walang . . . At kapag kayo'y naipanganak ng Diyos, kayo'y naipanganak ng Salita, kung ganoon kayo'y nagiging isang anak ng Diyos, at ang pangalan n'yo ay nailagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang mundo. At kayo, ang kulay ng buhok na mayroon kayo, ang kulay ng mata na mayroon kayo, ang tangkad na mayroon kayo, nakita na kayo ng Diyos bago pa itatag ang mundo. At nakita Niya kayo, na isang tao, kung paano nga kayo. At kahit lilipas pa ang isang milyong taon, walang bagay ang makahahadlang sa inyo na bumalik sa sakdal na larawan na itinalaga para sa inyo ng Diyos sa pasimula, "Nakikinig ang Aking mga tupa sa Aking Tinig, sa iba ay di sila magsisisunod."

213 At kung hindi n'yo pa natatanggap ang Buhay na Walang Hanggan na 'yun, ngayong gabi, at nakatuon kayo sa isang—isang—isang kathang kuwento tungkol sa isang munting sanggol na nakahiga sa isang—isang—isang sabsaban, at may grupo

ng mga lalaking pantas sa palibot, huwag n'yong paniwalaan ang mga bagay na gaya nun. At susubukang isipin, "Buweno, magiging mabuti ako. At gagawin ko 'yung *ganito*. At sasapi ako sa iglesya. At 'yun ang kailangan kong gawin." Mapapahamak ka. Kung wala kang Buhay na Walang Hanggan, paano ka mabubuhay nang magpakailanman?

214 Magagawa n'yong kumuha ng butil ng mais, hindi ko alintana kung gaanong kaperpekto ang itsura nito, magawa n'yo man na guma- . . . Nakagawa na ang siyensya ng ganoon, na kung hahatiin n'yo sa gitna: may siya ring dami ng halumigmig, siya ring uri ng kaibuturan, siya ring nilalaman ng butil na pinatubo sa bukid, siya ring bagay. Kapag ilalagay n'yo ang mga ito sa laboratoryo, at hindi n'yo masabi ang pagkakaiba ng isa sa isa pa: 'yung isa'y makagagawa rin ng mainam na tinapay na mais tulad nung isa, makagagawa ng siya ring uri ng corn flakes. Anupa't ang tanging bagay para masabi n'yo na magkaiba, ay ang ibaon ang mga ito. Yung isa na gawa ng tao, ay mananatili roon, mabubulok 'yun at hindi 'yun tutubo. Pero 'yung isa na ginawa ng Diyos, ay may binhi ng buhay, mabubuhay 'yung muli.

215 Maaari n'yong gayahin ang isang Cristiano, marahil dadalo kayo sa simbahan gaya ng isang Cristiano, marahil mailalagay n'yo ang pangalan n'yo sa aklat ng pagdalo na parang Cristiano, marahil aanib kayo sa isang denominasyon na parang Cristiano; ayos lang 'yan, pero maliban na ang Buhay na Walang Hanggan na 'yun ay nasa inyo na dahilan ng pagbigay ng Mabuting Pastol ng Kanyang Buhay, para ibahagi . . . Noong bumaba ang Diyos sa Pentecostes, bumaba Siya sa isang bolang apoy gaya ng ginawa Niya noon sa Bundok ng Sinai, gaya ng ginawa Niya sa unang pastol, kay Moises. At noong bumaba Siya, Kanyang ibinaha-bahagi ang Kanyang Sarili sa mga dila ng apoy na pumaibabaw sa bawat isa sa kanila, ang Diyos na ibinaha-bahagi ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga pinili. At maliban na natanggap n'yo ang bagay . . . Sinabi ni Pedro na "Ito'y sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na mga nasa malayo."

216 Mga kaibigan, huwag kayong makinig sa kung anong pang-teolohiyang katha, kayo nga'y dapat na maipanganak na muli. At kapag naipanganak na kayong muli, ang Espiritu na nasa inyo ay bahagi ng Diyos, at sasaksi sa bawat Salita ng Diyos na 'yun bilang "Ang Katotohanan." Kung wala pa kayo ng ganoong karanasan, magmadali na tayo patungo sa sabsaban, ang Salita. Magmadali tayong tumungo sa Biblia, palayo sa napapalamutian na teolohiyang-gayak na mga simbahan, patungo sa isang tunay na sabsaban, patungo sa Salita ng Diyos kung saan ang Mesiyas ay ipinakilala.

Habang nakayuko ang ating mga ulo, manalangin tayo.

217 Minamahal na Diyos, ’yan po ang buong nalalaman ko na ipangusap sa oras na ito. Papalapit na kami sa Pasko, punung-puno ang mga kalsada ng mga lalaki’t babae, mga kabataang lalaki’t kabataang babae, na nagkakatulakan, nagkakasanggian, sinusubukang bumili ng regalo bilang pamalit sa isa na bibigyan din sila. Marami sa mga tao na tinatawag ang kanilang mga sarili na mga Cristiano ang naroon sa mga lansangan na bumibili ng sigarilyo, alak, bilang mga Pamaskong regalo. Diyos, mistula ngang ipinapangalandakan pa nila ito sa harapan Mo, tinuturuan ang mga anak nila ng kung anong katha, na Romano’t, paganong teolohiya ukol kay San Nicolas, na kung anong katha na madaling tinanggap ng mundo, at inayawan nila ang tunay na Cristo ng Pasko, ang tunay na Cordero.

218 Diyos, dalangin ko, sa gabing ito, habang nakayuko ang aming mga ulo sa alabok na Iyong pinagkuhanan sa amin,. . . Sinabi Mo minsan kay Abraham ang dakilang propetang-pastol, “Humayo ka, Abraham, at bilangin mo ang mga buhangin na nasa dalampasigan.”

219 At tumugon siya, “Hindi ko po sila mabilang, hindi ko sila kayang bilangin.”

220 Pagkatapos ang sabi Mo, “Tumingin ka sa kalangitan, at bilangin mo ang mga bituwin.” At alam niya na imposible ’yun. At Iyong sinabi sa kanya, “Gayundin ang magiging binhi mo.” Nakatuon kami sa mensahe na ’yan ng propetang-pastol na ’yun, “mula sa alabok ng lupa, hanggang sa mga bituwin ng langit,” na gayong magkakaroon ng kamatayan ang aming mortal na katawan na dadalhin kami sa alabok, may isang Buhay na magagawa kaming ibangon patungo sa mga bituwin.

221 Gaya ng Iyong sinabi sa Iyong dakilang propetang Daniel, “At sila na nakakikilala sa kanilang Diyos, sa huling mga araw, ay gagawa ng kabayanihan. At sila na nakapagpabaling ng marami tungo sa katuwiran ay mas magniningning pa sa mga bituwin nang magpakailan-kailanman.”

222 Panginoong Diyos, Dakilang Manlilikha, Na kusang-loob na bumaba sa lupa sa anyo ni Jesus, para ipaalam sa tao kung ano ang Diyos. At Ikaw lamang ang tanging Isa na makaaako sa parusang kamatayan, walang Anghel, walang tagahalili ang makagagawa nito. Ikaw ang Mismong naglagay ng parusa, at Ikaw lamang ang nag-iisa na makatarungang makapag-aalis nito. At bilang Espiritu, ay hindi Ka maaaring mamatay. Pero nagsalaman Ka nang sa gayon ay mamatay Ka; at naging isang Cordero para alisin Mo ang kasalanan ng Iyong mga Tinubos, na kinailangan Mo silang tubusin sa pamamagitan ng Sarili Mong Dugo.

223 Oh, lubos na dakila ang kuwento na ’yun, Panginoon, pero lampas-lampasan lang sa ulo ng napakarami. Ang isiping: “Ang

munting Jehovah, na nakahiga sa isang sabsaban, kinailangan Niyang mabuhay na gaya sa isang sanggol. Ang munting Jehovah, ipinanganak sa isang kuwadra. Ang munting Jehovah, nakipaglaro sa mga bata sa lansangan. Ang munting Jehovah, na kabataan. Ang munting Jehovah, ang batang nagi-eskuwela. At ang Jehovah, ang Makapangyarihan." Ginanap mo ang lahat ng mga katayuan na ito. "At gayundin, si Jehovah, ang Cordero. Si Jehovah, ang Propeta." At Ikaw ay naging ang lahat na ito nang sa gayon ay dusahin Mo ang kabayaran sa kasalanan, at pagkalooban kami ng Buhay na Walang Hanggan.

224 Iyo pong patawarin kami, Oh Diyos, kami, na mahihirap, na di karapat-dapat na mga nilalang ng mundong ito. Kami'y hiyang-hiya sa gabing ito, Panginoon, noong mabasa namin ang bagay na Iyong ginawa para sa amin, at kung gaanong kaliit ang nagawa namin bilang ganti. Kung papaanong dumating Ka noong panahon ng bantog na mga tagapanguna ng relihiyon! Kung papaanong kusang-loob Kang tumayo at pinaaninag ang Salita ng Ama! Kung papaanong hindi Ka nagkipagkompromiso sa kanilang mga teorya! At ngayon ay mistulang walang nagnanais na tumindig at tawagin ang Salita na siya pa rin "Ang Salita," at hindi makipagkompromiso. Dalangin namin, Diyos, na Iyong patawarin kami dahil sa mga bagay na ito na lubos naming napabayaan. At ipagkaloob sa amin sa gabing ito, sa aming mga puso, gaya ng ibinigay namin sa Iyo gaya sa sabsaban. At mapag-uunawa namin na sa tuwing ang Ipinako sa krus na Cristo'y tinatanggap, may bagong kapanganakan, may bagong-silang na tupa, may pag-aawitan sa Langit ng mga Anghel. Sa isang makasalanan na nagsisisi, ang mga Anghel ay nag-aawitan muli.

225 Dalangin namin, Diyos, na kung mayroon dito sa gabing ito na hindi Ka nakikilala bilang tunay na Kaloob ng Diyos, bilang isang personal na Tagapagligtas, hindi sa mental lang na pag-iisip, kundi sa pamamagitan ng isang bagong kapanganakan (na maipanganak sa Iyong Espiritu), nawa'y matanggap nila Ito ngayon mismo, Panginoon, habang ang aming mga ulo'y nakayuko. At kung may isa, Panginoon, na hindi pa ito nagagawa, nawa'y tumanggap ng kagalakan ang kanilang mga puso ngayon, at masumpungan gaya ng mga pastol noong sinaunang panahon, sa sabsaban ng kanilang puso, ang Salita, ang Mesiyas; na patototohanan sa kanila bilang Espiritu Santo, ang Dakilang Pastol ng panahon. Amin po itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus.

226 Habang ang mga ulo nati'y nakayuko, at umaasa ako na ang ating mga puso'y nakayuko rin, maaari po ba—maaari po ba, minamahal kong kapatid, gayong miyembro kayo ng simbahan. . . At umaasa ako na hindi ko kayo nasaktan sa pagsasabi ng bagay na ipinangusap ko. Ako. . . Ayos lang na maging kasapi sa simbahan, dapat nga nating gawin 'yun,

pero, Oh kapatid, huwag na huwag n'yong tatanggapin na 'yun na, kinakailangan n'yong maipanganak na muli. Yun ang sinabi ng Dakilang Propetang-Pastol, "Kinakailangan n'yong maipanganak na muli." Sinabi Niya 'yun sa isang teologo, "Kinakailangan mong maipanganak na muli."

227 At kapag kayo'y naipanganak na muli, hindi lang 'yan dahil sa naniniwala ka lang. Sinasabi nila, "Ipinanganak ka kapag maniwala ka."

228 Pero sinabi ng Biblia, "Ang diyablo'y naniniwala, rin." Ngayon, pansinin, hindi 'yun, kundi isang karanasan.

229 Sasabihin n'yo, "Buweno, namuhay ako ng mabuting buhay."

230 Gayundin ang mga alagad, pero hindi sila naipanganak na muli hanggang sa tanggapin nila ang Espiritu Santo. Hindi nga sila napagbagong-loob hanggang sa tanggapin nila ang Espiritu Santo. Iyong naaalala ang gabi bago ipagkanulo. . . o noong ipagkanulo, bago mangyari 'yung pagkakanulo? Sinabi ni Jesus kay Simon Pedro, "Kapag ikaw ay mapagbagong-loob, papagtibayin mo ang iyong mga kapatid." At si Pedro'y nakasunod sa Kanya nang tatlo't kalahating taon, at nagpalayas pa mismo ng mga diyablo, at nagpagaling ng mga maysakit, nangaral ng Ebanghelyo, at haya't (ayon sa Salita) ay di pa rin napagbagong-loob noon.

231 Ngayon, nais n'yo ba ng ganoong uri ng—ng Mensahero sa inyong puso ngayong gabi? Kung—kung nagnanais kayo Nun. . . Hindi na nga mahalaga kung ano man ang sabi-sabihin ng iba, Ito'y totoo, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Batid ko na totoo Yun. Nais n'yo ba, habang ang bawat ulo'y nakayuko at bawat mata'y nakapikit, haya't di nga sa akin, dahil ako'y isang tao lang, na inyong kapatid, bagkus kay Cristo n'yo itaas ang inyong kamay, sabihin, "Sinasampalatayanan ko Yan. At ninanais ko ang Cristo na 'yan sa puso ko, ang tunay na Cristo ng Pasko"? Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay ngayon? Pagpalain ka ng Diyos. Mainam 'yan. Pagpalain ka ng Diyos, din. Pagpalain ka ng Diyos. Hayan nga, mga kamay sa buong palibot.

232 Nawa'y mangyari ito, kapatid na lalaki; nawa'y mangyari ito, kapatid na babae; nawa'y mangyari ito, kaibigan ko; mapuspos kayo ng Espiritu ng Diyos. Ano ngang halaga ng sasabi-sabihin ng iba? Alalahanin n'yo, buhay n'yo ito. Marahil wala na nga tayo sa mundo kinaumagahan, wala—wala tayong kasiguraduhan ng higit pang buhay kaysa sa hininga sa butas ng ating mga ilong ngayon. Marahil di na tayo lalanghap ng hininga muli, sa biyaya lang talaga ng Diyos. At ano ngang mabuting maidudulot nun, kahit na gaano pang kainam ang ipinamuhay mo't anuman. . .? Ang sabi ni Jesus, "Maliban na ang isang tao'y maipanganak na muli, siya'y hindi makakapasok."

233 Ngayon, batid ko ang *mga terminolohiya* ng kung ano ang maipanganak muli, pero masdan lamang natin kung ano ang nangyari sa Biblia noong sila'y maipanganak na muli. Si Pedro ay isang mananampalataya, ang mga alagad ay mananampalataya, pero hindi sila naipanganak na muli hanggang sa ang Espiritu Santo'y bumaba sa kanila noong Pentecostes. Ngayon, iniisip ng mga tao kung anong nangyari, at ang sabi ni Pedro, kasama ang iba roon, "Kayo na mga kalalakihan ng Israel, mapag-alaman nga ito sa inyo; si Jesus na taga-Nazaret, na isang lalaking pinatunayan ng Diyos sa kalagitnaan n'yo sa pamamagitan ng mga tanda't mga himala at mga kababalaghan, na ginawa ng Diyos sa pamamagitan Niya; Siya na pauna nang nalaman, na sa pamamagitan ng determinadong konseho ay dinakip nang masasamang kamay at ipinako sa krus, Na ibinangon ng Diyos at tayo'y Kanyang mga saksi. Binubo Niya ito na inyong nakikita mismo't naririnig ngayon, at ito'y batay sa Mga Kasulatan."

234 At pagkatapos, noong marinig nila ito, haya't may kurot sa kanilang puso, at nagsabi, "Lalaki at mga kapatid, ano ba ang maaari naming gawin para maligtas?"

235 Sinabi sa kanila ni Pedro, "Magsisi kayo!"

236 Ngayon, Katoliko kong kaibigan na narito ngayon, na alam kong apat o lima sa inyo ang nakaupo rito. Natalakay ko na ito sa inyong pari, marahil hindi *n'yo* pari, pero isa sa mga Katolikong pari, ang sabi niya, "Ibinigay ni Jesus sa iglesya ang kapangyarihan para mag-alis ng kasalanan, 'Sinuman na alisin n'yo ang pagkakasala, sa kanila ay inalis na; sinuman na panatilihin n'yo ang pagkakasala, sa kanila ay pinanatili ang mga ito.'" Totoo 'yan. Pero masdan natin kung paano niya ito ginawa, kung paano sinunod ng mga alagad ang Kanyang atas, na di ayon sa paraan na—na ginagawa ng pari ngayon.

237 Bagkus kung ano ang ginawa ng unang pari, kung nais n'yong tawagin siyang ganoon, si Pedro, na nagkamit ng mga susi ukol sa Kaharian, paano ba ang sinabi niya na gawin ito? Ang sabi niya, "Magsisi, ang bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." At kung ang Diyos ay tumatawag pa rin, ang ganoon ding karanasan ay para sa inyo kung susundan n'yo ang ganoon ding reseta. Kung sinasampalatayanan Yan ng kongregasyon na ito, habang nakayuko ang mga ulo n'yo, sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kung ganoon, anumang di lakip Doon ay laban sa Salita, at hindi ayon sa Pastol.

238 Panginoong Jesus, sila'y nasa Iyong mga kamay na ngayon. Dalangin ko na ang bawat isa'y magbukas ng puso ngayong gabi na mga hindi pa nakakamit si Cristo, ang Mesiyas (at si Cristo ang Salita, ang pinahirang Salita na nahayag), at kung may mga bukas ang puso rito ngayong gabi na di pa taglay ang Mesiyas, ang tunay na Regalo ng Pasko, ang nag-iisang tunay na Regalo ng Pasko, na ipinagkaloob ng Diyos sa mundo, at inihayag Ito sa mundo sa pamamagitan ng mga pastol, ukol sa Kanyang Cordero, ang Pambayad para sa kasalanan, at kung bukas ang puso na 'yan ngayong gabi, ay ilagak dito, Panginoon, ang Mesiyas na Salita ng panahon na ito. Itinatagubilin namin sila sa Iyo sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak. Amen.

239 Iniibig n'yo ba Siya? Sinasampalatayanan n'yo ba Siya? "Hanapin n'yong una ang Kaharian ng Diyos, at ang Kanyang katuwiran, ang lahat ng iba pang mga bagay ay pawang idaragdag sa inyo."

240 Mga kaibigan, bago tayo umuwi, nais kong sabihin ito. Maraming beses, na mali ang pagkakaintindi sa akin. Ako'y may dalang Mensahe mula sa Diyos, at kinakailangan kong ihayag ang Mensahe na 'yan ano't anuman. Alam ko na namamali ang pagkakaintindi Rito. Kung hindi ganoon Ito, kung ganoon Ito'y hindi Mensahe ng Diyos; hindi nga ganoon Ito. Napakaraming pag-aatubili sa panahon ngayon para Ito'y di maintindihan nang tama. Naniniwala ako na ang Diyos ay may tao sa bawat denominasyon at organisasyon sa mundo, at hindi ito dahil sa laban ako sa mga kapatid ko. Nagpunta ako rito sa Tucson, tatlong taon ang nakararaan, at nagkaroon ako ng pakikipagkita sa mga ministro doon kina Kapatid na Gilmore, at naitanong 'yun, kung ako ba'y "nagtungo rito para magpasimula ng isang iglesya?"

241 Ang sabi ko, "Hindi, po. Nagpunta ako rito para tulungan *kayo*." Siyanga't di pa ako natatanong uli, sa loob ng tatlong taon. Pero ganoon pa rin, naparito ako para tulungan kayo. Ako'y naparito para makipagkamit-kamay sa inyo, hindi umanib sa mga organisasyon kasama kayo, kundi magkapit-kamay at puso sa inyo sa Salita ng Diyos, para pagsumikapan na ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat naliligaw na kaluluwa at sa bawat nangangailangan na nasa ilalim ng tunog ng ating mga tinig.

242 Inihahandog ko ang aking sarili sa Diyos, ngayong gabi, nang buong puso ko, nang buong kaibuturan ko. Wala akong gaano man na kayang ibigay; hindi ko kayang magdala ng kamangyan, mira, at ginto, dahil wala ako nun. Pero ang lahat ng mayroon ako ay ang sarili ko na ibinigay sa akin ng Diyos, ang buhay na ito, ito'y inihahandog ko sa Kanya nang panibago ngayong gabi, sa sabsaban ng Kanyang Salita sa aking puso; at ipinapangako sa Kanya, na manindigan sa Salita, kung pahihintulutan Niya ako na mabuhay pa sa panibagong

taon, nang kasing tapat sa kaya kong itindig; ipangaral ang bawat katiting Nito, at sampalatayanan ang bawat katiting Nito; kaya, Iyo pong tulungan ako, Diyos. Magagawa n'yo rin ba ang ganoon din?

243 Iyo pong tanggapin kami, Panginoon. Tinatanggap namin ang Iyong Pamaskong Regalo, ang Mesiyas, ang pinahirang Salita na pinagtitibay ang Iyong Presensya sa amin, Panginoon, kahit na ano pa ang kredo o denominasyon. Nasusumpungan namin, ang aming sarili sa panahon ngayon, habang ang mundo'y gumuguho, at heto ang dakilang Mesiyas na nakatayo't ang Kanyang mga kamay ay nakaunat: si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, na gumawa ng mga pangakong ito, na sa huling mga araw na ito, ang iglesya'y magiging labis na naorganisa hanggang sa ito'y masadlak sa Laodicea. At nakikita po namin ito ngayon, Panginoon.

244 Ano pong puwede naming gawin, minamahal na Diyos? Ano pong magagawa ko? Iyo pong tulungan ako at ang iba pang mga pastol na ito, Panginoon, sa buong mundo, na mga pastol ng Salita, para iproklama Ito, Panginoon, sa kasunod na taon na ito. Iyo pong tulungan kami, Panginoon, 'yan ang dalangin namin. Iyo pong ibigay sa amin ang iyong Pag-ibig at ang Iyong Espiritu at Iyong Liwanag. Inihahandog namin ang aming mga sarili ngayong gabi sa Iyong Salita at sa Iyong pagtawag. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay aming tinatanggap ang Iyong Pamaskong Regalo: ang Salita ng Diyos na nagsalaman sa amin. Amen.

245 Gustung-gusto ko ang mga awitin ng iglesya. Sinabi ni Pablo, sa Biblia, "Sa tuwing ako'y umaawit, umaawit ako sa Espiritu. Sa tuwing nangangaral ako, nangangaral ako sa Espiritu. Sa tuwing ako . . . anuman ang gawin ko, ginagawa ko ito sa Pangalan ni Jesus Cristo." Ngayon, mukha ngang Ito'y medyo nakakapagod sa inyo . . . At ako'y—ako'y nagpapasalamat para sa inyo. Pumarito ako na dala ang Mensaheng ito. Kung minsan para bang ayaw kong sabihin Ito, pero hayan nga't ako'y—ako'y may tungkulin na gawin ito, mga kapatid. Kung hindi ko gagawin, ako'y ipokrito. Kung hindi ko gagawin, taksil ako sa sarili kong konsiyensya, at sa sarili kong—sarili kong pananampalataya sa Salita ng Diyos. Kinakailangan kong gawin ito, hindi para maiba, kundi para maging totoo sa pagkatawag sa akin. At nais kong tulungan kayong lahat, nais kong gawin ang lahat ng makakaya ko.

246 Ngayon awitin natin ang isa sa pinaka dakilang himno sa lahat ng panahon, gustung-gusto ko ito, *I Love Him*. Alam n'yo, naniniwala ako na kung iibigin lamang natin Siya, ay magagawa natin ang bagay na ibinilin Niya sa atin na gawin. "Papaanong tatawagin ninyo Akong, 'Panginoon,' at hindi n'yo ginagawa ang mga bagay na inutos Ko sa inyo na gawin? Papaano ninyo Ako matatawag na, 'Panginoon,' at pagkatapos ay hindi naman ginagawa ang bagay na sinabi Ko sa inyo na gawin?"

247 Mas nanaisin n'yo bang makinig sa isang upahang pastol na magsasabi "ilagay n'yo ang pangalan n'yo sa aklat ng pagdalo, at makisapi; tanggapin ang komunyon na ito, sabihin 'yung *ganito*, at ayos na ang lahat," samantalang sinabi na Mismo ng Dakilang Pastol "maliban na ang isang tao'y maipanganak na muli ay di niya makikita ang Kaharian ng Langit"?

248 At tingnan n'yo ang mga pinagsanay na mga teologo noong panahon na 'yun, pinagsanay nga! Banal? Malinis ang pamumuhay? Hindi nga tayo maikukukumpara ngayon, sa paraan ng pamumuhay nila. At ano ang itinawag sa kanila ng Dakilang Pastol? Ang sabi, "Kayo ay sa ama n'yong diyablo," dahil di nila . . . Napagkilala nila ang Salita, pero Salita 'yun ng ibang panahon, hindi ang Salita ng panahon na *'yun*.

249 Kung napagkilala nila ang panahon ni Noe, ayos lang 'yun, 'yun nga'y sa panahon ni Noe; pero hindi na ito uubra sa panahon ni Moises. At ang panahon ni Moises ay di uubra sa panahon ni Cristo. Kita n'yo? Ang panahon ni Luther ay di uubra sa panahon ni Wesley. Ang panahon ni Wesley ay di uubra sa panahon ng Pentecostal. At ganoon din ang nangyari sa Pentecostes gaya sa kung ano ang nangyari sa kanilang panahon noon. Ngayon, sino ang nagbigay sa akin ng tulong sa mga araw na nagdaan? Ang tanong sa inyo.

250 Kapag may dahon na uusbong, ano 'yun? Ano . . . kapag may dahon ng trigo na uusbong. Ang sabi ni Jesus, "Maliban na ang butil ng trigo'y mahulog sa lupa." Anong nangyayari kapag may butil ng trigo . . . o isang trigo ang mahuhulog sa lupa? Ang unang bagay na uusbong ay munting dahon. Hindi 'yun— hindi 'yun kagaya ng butil na nahulog dun. Masdan n'yo ang kalikasan. Hindi 'yun kagaya nung butil na nahulog dun, bagkus tagapagdala 'yun ng Buhay ng trigo. Ang umusbong . . .

251 Yung walang Diyos na sumulat ng kilalang aklat na 'yun, *The Silent God*, sabi dun, "Papaanong may Diyos na nagpabuka ng Dagat na Pula, at maaatim ang sanlibong taon na madidilim na kapanahunan at panoorin lang ang mumunting mga bata na kinakain ng mga leon, at ang mga tao ay ibinibitin sa mga krus, at pinapatay sa mga arena't mga bagay-bagay, at di man lang ibinuka ang Kanyang bibig?" Kita n'yo, ang Salita kasi'y isang kapahayagan.

252 Ang trigo na 'yun, noong ang tunay na trigo ay nagpasimula sa umpisa, binigo nito ang Diyos. At sa huli'y may dumating na isang Trigo, na isang tunay na nagpapaaninag sa Diyos, na pinaaninag ang Kanyang buong Salita na anupa't Siya ang Salita. Pagkatapos binigyan Siya ng Diyos ng isang Nobya noong Pentecostes; pero nahulog ang Nobya na 'yun sa lupa sa pagtugaygay ng madidilim na kapanahunan, gaya nung pagkahulog nung tunay na binhi, Ito'y inilibing. At bakit di 'yun

makakilos? Dahil naitago ’yun sa ilalim ng lupa, kinailangan nung mabulok bago ito makapagpausbong ng buhay.

253 Pero hayan nga’t dumating ang isang munting pari noong panahong ’yun, na ang pangalan ay Martin Luther, at pinausbong niya ang isang Salita ng Katotohanan: “Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya,” hayan nga ang isang dahon; pagkatapos hayan din na sumunod ang isa pang dahon, si Zwingli, at pagkatapos umusbong si Calvin at Knox at ang ibang sumunod pa.

254 Malalaman mo na lang, binago ang dahon nito, tumuloy sa pagka-tungkos. Ngayon, nagmumukha na ngang tulad nun, pero hindi pa rin ’yun ang tunay na bagay na nailibing dun sa lupa, tapos dumating si Wesley. Mula kay Wesley ay lumabas ang iglesyang Methodist, mula sa iglesyang Methodist ay lumabas ang Nazarene, United Brethren, at iba pa. Anong ibinunsod nun? Nahulog muli’t nagpausbong, na mukha nang tunay na butil ng trigo ngayon, ang Pentecostal.

255 Ngayon, masdan n’yo si Jesus, sa Mateo 24:24, “Sa huling mga araw, dalawang espiritu ang magiging halos magkapareho na hanggang sa dadayain nito ang mismong Hirang, kung maaari.” Ngayon, noong lumabas ang butil ng trigo, alam ng sinumang tagapagpalago ng trigo na mukha ’yung ganap, na butil ng trigo. Pero maupo ka at ilagay mo ’yun sa kamay mo, at buksan. Walang trigo sa loob nito, ipa lang. Pero doon sa kaibutu-kaibuturan, sa ilalim ng mikroskopyo ay makikita n’yo ang isang munti’t maliit na usbong, doon manggagaling ang butil. At kung ganoon ano pala ang trabaho ng ipa? Para protektahan ang butil, papatayin kasi ’yun ng mainit na araw, prinoprotektahan nun ang butil hanggang sa magkagulang na ang butil. At kapag nagkagulang na ang butil na ’yun, tatalop ang ipa na ’yun para humiwalay mula roon. Pero, napansin n’yo ba, ’yung butil na ’yun na umusbong, ay siguradong siya ring uri ng butil na nailibing noon sa lupa.

256 Pagkatapos ng rebaybal ni Luther, dumating ang isang organisasyon. Pagkatapos ng rebaybal ni Wesley, dumating ang isang organisasyon. Pagkatapos ni Alexander Smith, John . . . Alexander Campbell, John Smith, at lahat na iba pa, ay dumating ang isang organisasyon. Matapos ang Pentecostes, sa kaibuturan nga’y parang ’yung tunay na bagay talaga, pero humantong sa isang organisasyon. Anong ginawa nun? Tumalop.

257 Nagtamo tayo ng labing-limang taon nang rebaybal, wala pang ganoon sa buong kasaysayan. At masdan, sa labing-limang taon na ’yun na rebaybal, Ito’y lumaganap sa buong mundo, at wala ni isang organisasyon ang itinayo mula Rito. Nasaan Ito? (Nagpasimula ito ng latter rain, namatay sa ano nito . . . dali-dali, itong namatay.) Wala ngang organisasyon na kasunod Ito.

Bakit? Ito na kasi Mismo ang butil, wala nang susunod pa. At ang ipa ay tumatalop na palayo, wala nang pakikitaguyod, wala nang may gusto sa'yo. Bakit ganoon? Kinakailangan na magka-Ganoon Ito.

258 Bakit inilagay dun ang iglesya? Para suportahan Ito. Saan...Sino dapat ang makikitaguyod? Anong Baptist, o Presbyterian, o Lutheran ang susuporta sa isang gawain ng Makalangit na pagpapagaling? Ngayon noong umusbong ang Katotohanan, anong nangyari? Hindi ang ipa; kundi ang Buhay ay lumabas mismo roon sa ipa, patungo sa trigo, ang totoo't tunay na Buhay. Naiwan dun ang organisasyon, namatay, gaya ng nangyayari roon sa bawat kapanahunan, ganoon din dito. Lumabas kayo mula roon, limampung taon ang nakararaan, at bumalik dun uli! Pero ang tunay na Buhay ay nasa butil na, nasa huling panahon na tayo, mga kapatid.

259 Bakit 'yun humiwalay? Para maibunsod nun ang butil na maibilad sa presensya ng Anak, para pahinugin ang butil na maging ginintuang-hinog para sa Panginoon. Bakit 'yun humiwalay? Para, magbunsod 'yun ng dalamhati, mga luha, na hindi sila sa a-r-a-w nakabilad, kundi sa A-n-a-k, para mahinog sa tunay na buong Ebanghelyo, para ihayag ang lahat ng bagay na ipinangako ni Jesus Cristo sa Biblia. May isang Katawan na ibinabangon sa kalagitnaan ng mga tao ngayon. At wala nang magiging mga organisasyon, tutugaygay 'yun mismo sa mayamang Laodicea. Sa ano yumaman ang organisasyon? Milyong dolyar, at milyong kaluluwa.

260 At sa anong dahilan at dumating ang Pastol? Para palayain ang Kanyang mga kapatid mula sa pagkakaalipin. Hindi ko—hindi ko alam; ang Diyos, ay mapasaatin, tulungan tayo. Pag-aralan n'yo ang Salita! Saliksikin n'yo ang Mga Kasulatan! Sa mga Ito ay iniisip natin na taglay natin ang Buhay na Walang Hanggan, at sa mga Ito'y Ito na nagpapatotoo sa Katotohanan. Kita n'yo, ang Diyos ay naglaan ng Kanyang Mga Salita sa bawat kapanahunan. Ang kapanahunang ito sa tuwina . . .

261 Anong sinabi ni Jesus noong dumating Siya? Sinabi Niya sa kanila, "Mga mapagpaimbabaw kayo! Pinapuputi n'yo ang mga pader, at nagpapatayo ng mga libingan para sa mga propeta, at ang mga magulang naman ninyo ang naglagay sa kanila roon. At kayo'y mga anak ng inyong mga magulang. At ang mga bagay na ginagawa nila, ay ginagawa rin ninyo." Nananatiling ganoon pa rin, mga kapatid ko.

262 Pero kapag dumating si Jesus balang araw, ang Dakilang Pastol ng mga tupa mula Pentecostes hanggang kay Luther sa pagtugaygay sa lahat ng mga kapanahunan, na tinanggap ang Liwanag habang dumarating Ito sa pamamagitan ng mga tagapagdala (hindi ang tagapagdala ang tinanggap, ang Liwanag ang tinanggap; kita n'yo, lumabas), Siya'y darating

para magtubos. Lubos akong nagagalak na Siya'y darating muli. Oh, kayo ba'y nais maibilang sa Kanyang grupo? Kayo ba'y nais maibilang? May nag-iisang paraan lang para gawin ito, hindi sa pakikianib sa isang iglesya, kundi sa pamamagitan ng maipanganak sa Kanya. "At ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay lalapit sa Akin, at walang makalalapit maliban na tawagin siya ng Aking Ama." Kita n'yo, 'yun nang lahat ang patungkol dito, tanggapin n'yo Ito. Siya . . . Yan lang ang tanging Pamaskong Regalo na nalalaman ko, ang kaloob ng Diyos na ibinigay Niya sa mundo, ang Kanyang bugtong na Anak. At Siya'y siya pa rin, kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang Salita. Kita n'yo? Sampalatayanan n'yo Siya sa araw na ito, ang kapuspusan ng Biblia.

263 Kapag ang pitong hiwaga na 'yun . . . Doon sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, may pitong natatagong hiwaga. Ako po'y sumusulat ng libro tungkol Dito. At may isang kilalang teologo ang nagsabi sa akin di pa katagalan, ang sabi, "Kapatid na Branham . . . " Nakikita n'yo ba kung papaanong ililihis kayo ni Satanas sa daan? Ang sabi niya, "Kapatid na Branham, alam mo ba? Naniniwala ako na ang Panginoon ay maghahayag sa'yo ng bagay na gagawin natin kasunod. Yun ay . . . magiging isang kamangha-manghang lihim 'yun na nakatago sa ilalim ng Pitong Tatak na ito."

264 Sabi ko, "Hindi, hindi ganoon, kapatid."

265 Ang sabi niya, "Ito'y magiging isang bagay na di nasusulat sa Salita."

266 Sabi ko, "Hindi! Hindi! Nakakalimutan mo, 'Sinuman ang magdagdag ng isang salita, o mag-alis ng isang Salita.'" Kita n'yo, naroon na Ito, pero hindi lang Ito nakita ng mga repormista, hindi sila nabuhay nang mas matagal para makita Ito.

267 At ang mga kapanahunan ay tapos na ngayon, narito na tayo sa Laodicea. At alalahanin n'yo, sa kapanahunan ng Laodicea, Siya'y naroon sa labas ng iglesya, kumakatok, nagsisikap na makapasok: ipinalabas ni Eba ang kanyang Adan. Diyos, tulungan Mo po kami. Pahintulutan Mo kaming pumaroon sa ibayo ng kampamento para hanapin Siya. Magbata tayo sa labas ng pintuan kasama Siya. Pumaroon tayo sa Kanya sa Kanyang kamatayan, sa Kanyang pagkalibing, at sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli; dahil Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

268 Umawit tayo ng isang himno bago tayo umalis. Maaari po ba? *I Love Him*. Maaari mo bang ibigay sa amin ang tipa, kapatid na babae? Ilan ang nakakaalam ng lumang himno na 'yun? Ako . . . Kung nakadalo na kayo sa mga pagtitipon, gustung-gusto ko ito.

269 Ngayon ipikit natin ang ating mga mata, pagnilayan n'yo si Jehovah. Walang sinuman ang karapat-dapat, walang sinuman ang makagagawa nito maliban sa Kanya. At bumaba Siya,

at naging isang munting sanggol. Dumating Siya, na isang kabataan. Siya'y naging karpintero, isang nagtratrabahong lalaki. Siya'y naging isang Cordero, Siya'y naging isang hain. Siya'y matagumpay na bumangon, si Jehovah. At kung papaanong hinatak ni Moises ang kanyang kamay mula sa kanyang dibdib na nasa ibabaw ng puso niya, hinatak ng Diyos ang Kanyang kamay mula sa Kanyang dibdib (Kanyang lihim) na Kanyang Anak na malubhang dinapuan ng sakit na kasalanan, na walang lunas; at ipinasok muli Ito sa kanyang dibdib, at inilabas Ito at iniabot Ito sa inyo at sa akin: "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

270 Tumuon kayo sa Kanya ngayon.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

271 Ilan ang nakakaalam na dapat isang pastol, sabihin "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kinakailangan! Bakit isang pastol? Kinakailangan mismo. Ngayon habang inaawit natin itong parehong talata uli, iabot n'yo ang inyong kamay sa kabila ng mesa. Hayan ang Methodist, Baptist, Lutheran, Presbyterian, Katoliko, at lahat, na nakaupo rito ngayong gabi. Makipagkamay, sabihin, "Kapwa kong manlalakbay, ikinagagalak ko nang lubos na narito ka kasama ko, ngayong gabi." Batiin n'yo sila. Sabihin n'yo, "Pagpalain kayo ng Diyos," habang nakikipagkamay tayo ngayon sa isa't isa. Habang inaawit natin uli ito ngayon.

I. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]
. . . my salvation
On Calvary's tree.

272 Ngayon ipikit natin ang ating mga mata at itaas ang ating mga kamay, at umawit sa Kanya.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

273 At ngayon, ang Diyos ay walang anyo. Kaya, sige't iyuko natin ang ating mga ulo at ihiging ito ngayon, gaya ng mumunting mga anak, kayo ay mga anak ng Diyos. Huwag n'yong tingnan kung ano ang maaaring isipin ng mundo, kayo'y sumasamba ngayon, sinasamba si Cristo. Iyuko lamang ang inyong mga ulo at ihiging ito. [Ihinihiging ni Kapatid na Branham ang *I Love Him*—Pat.]

274 Pakiramdam n'yo ba'y parang nalilinis kayo nang husto? Na para bang may isang Bagay na kinuskos ang lahat ng pag-aalinlangan at sanlibutan paalis na inyo? Ganoon ba ang pakiramdam n'yo? Itaas n'yo ang inyong mga kamay,

"Pakiramdam ko'y nilinis ako nang husto. Iba sa pakiramdam. Pakiramdam ko'y kumakain ako mula sa Kanyang mga kamay. Ako'y. . ." Gaya nung kapatid na nagpatotoo rito, "Pagkain, Pagkain ng Pastol, Pagkain ng mga tupa." Yun ang Salita.

275 Ang mga tupa ng Diyos ay kumakain ng Kanyang Pagkain, "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos." At Ito 'yun, ang Biblia. Kumakain tayo sa bawat Salita, hindi sa ilan lang na Mga Salita, kundi sa bawat Salita na lumalabas. Oh, hindi ba't pinaiibig kayo nun sa Kanya? Ang isipin na ngayon ay mayroon na tayong Buhay na Walang Hanggan! Hindi na mangyayari pa lang, *ngayon* tayo'y mga anak ng Diyos. Hindi mangyayari pa lang, ngayon na! At nakaupo na ngayon na sama-sama sa makalangit na mga dako *kay* Cristo Jesus. At ang nakakabighaning telebisyon, na nagsasabi na may ether wave na nagbubunsod sa mga tao (ang tao'y makalalakbay na sa palibot ng mundo) na makita sa pamamagitan—pamamagitan ng screen ng telebisyon. Ang dakilang Salita ng Diyos, at ang Espiritu ng Diyos na ginagamit ang Salita ng Diyos, ay pinaaaninag si Jesus Cristo sa makalangit na mga dako sa Kanyang mga tupa, na Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hindi ba't kahanga-hanga Siya? Kahanga-hanga nga! Pagpalain kayo ng Diyos.

276 Ngayon tumayo tayo pansumandali. Mayroon bang mananawagan ng pagpapala? Ngayon, alalahanin n'yo, tuwing Pasko, sambahin n'yo ang Panginoong Jesus. Sambahin n'yo Siya sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. At kung ako'y makakasumpong ng kaluguran sa inyo (sa inyo, sa inyong pastor, sa inyong iglesya, o anuman), ang gabi'y di kailan dumidilim nang sobrang dilim, ang ulan ay di kailan bumubuhos nang sobrang lakas.

277 Noong isang gabi (may binibini na nakatayo rito) abala ako, sa pag-aasikaso sa mga maysakit at ibang bagay hanggang sa. . .May isang matandang babae na mga otsenta anyos ang edad na nawala sa katinuan, at siya'y may. . .iniisip niya na manganganak siya o kung ano, wala nga siya sa katinuan ng pag-iisip. At si Billy, mula sa opisina, tinawag niya ako, ang sabi, "Daddy, maaari ka ba?"

278 Sabi ko, "Di puwede. May mga taong. . .Hindi ko magagawa."

279 Ang sabi niya, "Daddy, maaari ka bang manalangin? Sasabihin ko na nananalangin ka."

280 Sabi ko, "Sige." At noong mismong sandali na 'yun ay bumalik ang babae sa katinuan niya. Nakatulog siya, nagising na normal na ang kalagayan; kumain nang husto, kumain na ng manok sa hapunan, normal na ang pag-iisip. Narito siya kanina't pinapatotoo 'yan.

281 Si Kapatid na Mack, nakita ko siya rito kani-kanina lang, sa isang dako sa simbahan. Nandito siya, isa sa mga pastor, lokal na pastor. Isang kalugud-lugod na kapatid, at sa tuwina'y nalulugod ako kay Kapatid na Mack mula noong magpasimula ako sa pagmiministeryo. At pagkatapos nagkita kami . . .

282 At naroon ako noon sa British Columbia; at para ipakita sa inyo kung papaanong pinakikilos ng Diyos ang lahat ng bagay nang tama. Nakasakay na ako noon sa isang kabayo, at pabalik na sa ilang kung saan naakay ko sa Diyos ang isang grupo ng mga Indian; at lahat sila'y naakay, at tinanggap si Jesus.

283 At sa pamamagitan nung propesiya na sinabi sa binatang Indian na nakawala ng buriko, dalawang taon ang nakararaan, sinabi sa kanya kung saan ito mahahanap, kung magiging gaanong kalayo ito, at kung saan masusumpungang nakatayo ang buriko. Ang nanay nung binatilyo ay mamamatay na noon sa atake sa puso. Siya'y pinagaling at naligtas. At ang binatang ito, sa pagpunta roon at pagsaksi mismo, at yamang nalalaman na kanyang . . . 'yung kabayo niya'y nakita mismo nang eksakto sa pagkakasabi sa kanya, at lahat.

284 Wala maski isang Salita na ipinangusap ng Panginoon . . . Sige't tatanungin ko ang sinuman sa inyo, "Siya ba . . . narinig n'yo na ba Siya na nagsabi ng anuman, na sinabi Niya sa akin na sabihin sa inyo, na anupa't nangyayari mismo nang eksakto?" Kung tama, magsabi ng "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Kita n'yo? Ganoon nga mismo, kailanman ay hindi Ito nabigo maski isang beses.

285 At si Kapatid na Mack ay nakaratay noon sa bingit ng kamatayan, at mangyari nga na ang maybahay niya'y tumawag kay Billy . . . sa maybahay ng anak ko, at ang sabi . . . tinanong kung nasaan ako; 'yung kalugud-lugod na munting binibini at . . . kanyang maybahay. At siya . . . At ang sabi ng manugang kong babae, "Naroon pa po siya sa British Columbia sa isang biyahe para mangaso."

286 At noong umaga na 'yun, sa kung anong paraan, di ko—di ko—di ko mapausad ang kabayo na 'yun. At ang sabi ni Billy, "Sa palagay ko tatawag muna ako sa bahay." At nagtungo siya sa poste para tumawag. At heto sila na tumatakbo pabalik, habang nakatayo roon ang munting Indian, 'yung munting . . . na may-ari nung buriko, at ang sabi, "Nasa bingit na ng kamatayan si Kapatid na Mack, at tinatawagan ka."

287 At lumabas ako, nagtungo sa kakahuyan at lumuhod. Sabi ko, "Minamahal na Diyos, doon sa ibayo, tatlong libong milya ang layo sa lupain, doon sa maaraw na estado ng Arizona, sa Tucson, naroon ang kapatid ko, at siya'y nakaratay sa bingit ng kamatayan. Maaari Mo po bang tulungan siya?"

288 Biglang May nagsalita sa akin, "Lahat ay mabuti."

289 At noong pinuntahan ko si Kapatid na Mack noong isang araw, para kausapin siya, at tinanong ko siya, "Anong oras 'yun nangyari?" siyanga't 'yung eksaktong oras na nanalangin kami.

290 Oh, Siya. . .Hindi ba't kahanga-hanga Siya! Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ako'y lubos na nagagalak na malaman na nabubuhay ako sa Presensya ng Hari.

291 Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon, at narito ang isang kalugud-lugod na munting kapatid, isang misyunerong kapatid, na kaibigan ko, isang miyembro ng Assembies of God, isang kalugud-lugod na munting kapatid dito. Tinatawag ko siyang, "Creechy." Marami siyang nasasabing mabubuting bagay. Kapatid na Creech, 'yan ang tawag ko sa'yo. Hindi ko alam ang sasabihin ko, ikaw ay kapatid ko't kapwa lingkod sa mga pagpapakasakit kay Jesus Cristo sa huling araw. Pagpalain ka ng Diyos. At sa palagay ko nabanggit ni Kapatid na Tony na ikaw ang magpapauwi sa mga narito ngayong oras na ito, sige't habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo. Sige po, lumapit ka.

*Kung Bakit Kinakailangan Na Pastol* TAG64-1221
(Why It Had To Be Shepherd)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Lunes ng gabi, Disyembre 21, 1964, para sa salu-salo ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Ramada Inn sa Tucson, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org